

Internasyonalismo

Pahayagan ng Internasyunal na Komunistang Tunguhin sa Pilipinas

Taon 1 Blg 2

Hulyo - Disyembre 2009

Editorial:

Lahat ng mga paksyon ng naghaharing uri ay abala na sa paghahanda para sa pambansang eleksyon sa susunod na taon. Ang lahat ay nagtulong-tulong – administrasyon, oposisyon, Kaliwa, media at Simbahan – para kumbinsihin ang malawak na masa na magparehistro at bomoto. Dagdag pa, nanawagan sila na “bantayan” at “ipagtanggol ang boto” para “mahalal ang mga karapat-dapat na kandidato”.

Milyun-milyon ang perang ginugol ng mga kaaway sa propaganda para kumbinsihin ang mamamayan na lumahok sa eleksyong 2010.

Ang kasalukuyang isyu ng **Internasyonalismo** ay nakasentro sa pagtalakay sa marxistang pananaw at paninindigan hinggil sa burges na eleksyon. Kailangan ito para maintindihan ng mga seryosong elemento at grupo sa Pilipinas na naghahanap ng tamang daan para sa panlipunang pagbabago.

Mahalaga ang pag-aaral at diskusyon kung may kabuluhan o wala na ang paglahok sa eleksyon at parliyamto para isulong ang proletaryong rebolusyon lalupa’t nangyari sa Maguindanao noong Nobyembre ang pinakamarahas na masaker sa kasaysayan ng Pilipinas na may kaugnayan sa eleksyon.

Nilamon ng permanenteng marahas na bangayan ng iba’t-ibang paksyon ng mapagsamantalang uri para kontrolin ang kapangyarihan sa pambansa o lokal na antas ang pagsisikap ng naghaharing uri na palakasin ang mistipikasyon ng demokrasya at “mapayapa at malinis” na eleksyon sa 2010.

Batas Militar sa Maguindanao

Ang masaker sa Maguindanao nitong Nobyembre ay patunay lamang na palala ng palala ang kompetisyon ng iba’t-ibang paksyon ng mapagsamantalang uri para makontrol ang estado. Ito ay malinaw na indikasyon na naaagnas na ang bulok na panlipunang sistema.

Maihalintulad ito sa patayan ng iba’t-ibang grupo ng gangster para sa teritoryo habang halos walang magawa ang “godfather” para sa “mapayapang” kompetisyon ng kanyang nasasakupang iba’t-ibang grupo ng mga kriminal at pusakal.

Para makontrol ang anarkiya sa Maguindanao ay pinataw ng estado ang batas militar. Ang layunin nito ay bantaan at ipaalala sa mga paksyon na huwag gumawa ng anumang karahasan lagpas sa kayang ipahintulot ng estado at naghaharing uri lalupa’t ang pangunahing layunin ay palakasin ang mistipikasyon ng eleksyon at demokrasya sa Pilipinas.

Bilang huling sandalan ng naghaharing uri at naghihinalong sistema, kailangang ipataw ng estado ang kanyang kapangyarihan sa buong lipunan, kahit pa sa kanyang mga paksyon na ganid sa kapangyarihan. Ito ang esensya ng deklarasyon ng batas militar sa Maguindanao. Katulad ito ng digmaan ng mga gangster kung saan kailangan na ang interbensyon ng “godfather” para “parusahan” ang isang gangster na “lumabag” sa “panuntunan” ng organisasyon para mapanatili ang “kaayusan” sa tunggalian ng iba’t-ibang gangster sa teritoryo at pangungulimbat ng yaman.

Ang malaking problema ay nahihirapan na ang estado na kontrolin ito dahil mabilis na kumikipot ang teritoryo at yamang paghahatian dahil sa lumalalang krisis ng kapitalismo habang tumataas naman ang kahayukan ng bawat paksyon sa kapangyarihan. Ang paglala ng anarkiya sa ekonomiya ay nagbunga ng paglala ng anarkiya sa politika.

Nasupil man ng estado (ang pinakamakapangyarihang “warlord”, ang “godfather”) ang warlord na angkang Ampatuan, pinalakas naman nito ang karibal na warlord – angkang Mangudadatu sa Maguindanao. At dahil sa karahasan, tiyak na naghahanda na rin ang ibang mga warlord sa iba’t-ibang sulok ng bansa laban sa kanilang mga karibal. Hindi maglalaho ang mga karahasan sa panahon ng eleksyon. Sisikapin lang itong itago o maliitin ng estado para ipakitang “mapayapa” at “malinis” ang halalan.

Matapos ipakita ng estado ang kanyang kapangyarihan bilang “warlord” at “godfather”, matapos ang walong (8) araw na batas militar sa Maguindanao, ay binawi ito noong Disyembre 12.

Sa kabilang banda, nagamit din ng naghaharing uri ang batas militar upang palakasin ang mistipikasyon ng demokrasya. Ang pagtutol ng ibang paksyon sa batas militar ng paksyong Arroyo ay ginamit na propaganda para kumbinsihin ang malawak na masa na lumahok sa eleksyon at bantayan ang boto laban sa naghaharing paksyon.

Ang isa pang epekto nito, sa gitna ng demoralisasyon ng nakararami dahil sa pananabotahe ng Kaliwa sa kanilang pakikibaka, ay lukuban ng takot ang mahihirap laluna sa mga lugar na malakas ang mga warlord at may mga armadong grupo tulad ng CPP-NPA-NDF, RPM-RPA-ABB, MLPP-RHB, MILF, MNLF, Abu Sayyaf, at iba pa. Kaya, kung ano ang kagustuhan ng mga armadong grupong ito, kung sinu-sino at anong partido ang nais nila iboto ng taumbayan, ay malaki ang posibilidad na susundin, hindi dahil gusto nila kundi dahil takot sila na gawin sa kanila ang nangyari sa Maguindanao.

Anumang mga pakulo at panlilinlang ng naghaharing uri para maengganyo ang malawak na masa na lumahok sa halalan sa susunod na taon, hindi nito maitago na anumang partido, sinu-

mang personalidad ang manalo at uupo sa kapangyarihan, mananatiling instrumento ang estado at parliyamto sa pagsasamantala at pang-aapi sa masang manggagawa at maralita. Dadami man ang mga representante ng Kaliwa sa loob ng pugad ng mga baboy, hindi nito kayang pabanguhin ang estado na matagal ng kailangang ibagsak para lumaya ang proletaryado mula sa pagsasamantala at pang-aapi.

Ang mga masaker, militarisasyon at batas militar ay hindi maglaho habang patuloy na naghari sa lipunan ang bulok na kapitalistang sistema. Habang ang estado ay hindi naibagsak, mananatili ang armadong labanan ng iba't-ibang paksyon ng burgesya na hayok sa kapangyarihan. Tandaan natin na ang estado ay isang armadong institusyon ng naghaharing uri laban sa mga pinagsamantalang uri.

Tanging ang armadong manggagawa na organisado ang sarili at mulat sa sariling interes ang may kapangyarihan na wakasan ang lahat ng kaguluhang nangyayari sa lipunan ngayon. At hindi ito magagawa ng uri kung lalahok sila sa eleksyon at papasok sa pugad ng mga baboy - ang parliyamto. #

Ang artikulo na nasa ibaba ay sinulat ng isang estudyante na nagsusuri sa “kabuluhan” ng eleksyon para sa panlipunang pagbabago.

Sang-ayon kami sa esensya ng artikulo ni kasamang Edward na hindi dapat lumahok sa eleksyon ang mga rebolusyonaryo dahil hindi ito ang paraan para isulong ang rebolusyon sa panahon ng imperyalismo at dekadenteng kapitalismo. Ang pagsisikap ng kasamang ito, na kabilang sa bagong henerasyon ng mga manggagawa ay narapat lamang na purihin lalupa’t lubhang nangibabaw sa hanay ng kabataan sa Pilipinas ang iba’t ibang burges na idelohiya ng Kanan at Kaliwa.

Subalit, may ilan lamang kaming paglilinaw sa mga puntong hinugutan ng kasama sa kanyang paninindigan at sa kanyang pananaw sa Kaliwa sa pangkalahatan:

Una, ang eleksyon at parliyamtarismo ay isa sa mga pundamental na katangian ng burges na demokrasya. Ito ang mahika ng naghaharing uri upang lukuban ng mga ilusyon ang masa na may “maaasahan pa” sa estado at bulok na sistema basta “maka-masa at maka-tao” lamang ang nasa loob nito.

Ang demokrasya ay hindi abstrakto. Ito ay may makauring katangian. Sa paghahari ng kapitalismo, ang “demokrasya” ay walang dudang burges at nagsisilbi para sa interes ng burgesya.

Ang sinabi ni kasamang Edward na “*Hindi makamit ang tunay na demokrasya sa ilalim ng kapitalismo*” ay tila impluwensyado ng usaping moralidad hindi ng materyal na batayan sa pagsusuri sa demokrasya. Tunay na demokrasya ang pinatupad ng burgesya ngayon: **ito ay isang porma ng diktadura ng mapagsamantalang uri laban sa kanyang mga pinagsamantalahan.**

Malamang ang sinasabi ni kasamang Edward na “*tunay na demokrasya*” ay ang proletaryong demokrasya dahil iginiit niya na “*napakalinaw ang kaibahan sa prinsipyo ng tunay na demokrasya laban sa nangibabaw na demokrasya ngayon sa pamumuno ng mga burges na pulitiko, na nagiging “democracy”*.” Subalit ang ultimong layunin ng komunistang rebolusyon ay pawiin ang kaibahan ng “mayorya” at “minority” na siyang tungtungan ng burges na demokrasya, na nakabatay naman sa pagkahati-hati ng lipunan sa mga uri.

Ang proletaryong demokrasya ay temporaryo lamang, sa panahon lamang ng transisyon mula kapitalismo tungong komunismo. Ang demokrasya ng proletaryado ay ang diktadura ng proletaryado. Sa isang komunistang lipunan, na pandaigdigang

ang saklaw, maglaho na ang diktadura ng proletaryado dahil maglaho na ang mga uri, ang estado at ang mga pambansang hangganan. Sa komunistang lipunan, kung saan maging realidad na ang tunay na pagkapantay-pantay batay sa **kasaganaan**, ang abstraktong konsepto ng demokrasya ay maglaho na rin.

Ikalawa, tila hindi lubusang naintindihan ni kasamang Edward ang papel ng Kaliwa para ilihis at ilayo ang masang manggagawa sa proletaryong rebolusyon. Tila umaasa ata si kasamang Edward na darating ang panahon na maunawaan ng Kaliwa sa Pilipinas ang kabuluhan ng eleksyon at makumbinsi itong hindi na lalahok dito dahil sinabi niyang “*Sana maunawaan ito ng Kaliwa, laluna ng mga Maoista-Stalinista na ang estado laluna ang mga batas ay instrumento na ng burgesya para palawakin ang kanilang impluwensya at para ipagpatuloy ang pang-aapi sa nakararami.*”

Ang tungkulin ng Kaliwa ay harangan ang pag-unlad ng kamulatan ng manggagawa tungo sa rebolusyonaryo at komunistang kamulatan. Hinahadlangan ng Kaliwa na susulong at magtagumpay ang proletaryong rebolusyon. Sila ay mortal na kaaway ng uring manggagawa sa loob ng kilusang paggawa at kilusang masa.

Pero kung hindi ba lalahok ang Kaliwa sa eleksyon ay maging marxista na sila? Ang pundamental na sukatan kung ang isang organisasyon ay marxista o hindi ay ang kanyang programa at aktibidad sa loob ng kilusang paggawa.

Ang maoistang PKP ay hindi lumahok sa eleksyon noong 1970s hanggang 1986. Nangampanya ito ng boykot sa halalan ng diktadurang Marcos sa dahilan na “walang demokrasya” sa ilalim ni Marcos. Nang pumalit si Corazon Aquino, lumahok na sa eleksyon ang mga maoista.

Ang panatikong maoista-thirdworldista ay boykot ang paninindigan sa eleksyon. Ang mga maoista sa India at Peru ay hindi lumalahok sa eleksyon. Pero marxista na ba sila? Hindi.

Ang maoistang programa ay para ipagtaggol ang pambansang kapitalismo, ito man ay sa pamamagitan lamang ng “armadong pakikibaka sa kanayunan” o kombinasyon ng “elektoral na pakikibaka” sa kalungsuran.

Ikatlo, ang proletaryong rebolusyon ay isang marahas na pagdurog ng mga manggagawa sa estado at sa sistema. Sa rebolusyong ito, mag-aarmas at makikidigma ang mga manggagawa laban sa armadong estado. Subalit, ang uri mismo ng mangangasiwa sa kanilang armas at sa kanilang armadong paki-

kibaka sa panahon ng rebolusyonaryong sitwasyon. Ang mga armadong manggagawa at maralita ay nasa direktang superbisyon at pamumuno ng kanilang mga konseho at asembleya. Taliwas ito sa banggardistang pananaw ng mga maoista na ang “armadong hukbo” ay nasa “absolutong pamumuno ng partido”.

Tutol ba si kasamang Edward sa armadong pakikibaka kaya nasabi niya na *“Pero bakit kailangang magbuhis ng dugo ang mga Maoista-Stalinista para isulong ang sinasabi nilang “pambansang demokrasya””*? Nagbuhis ng dugo ang mga maoista-stalinista, at itinulak nila ang masa para dito hindi para baguhin ang sistema kundi para ipagtaggol ang interes ng burgesyang Pilipino sa ngalan ng “anti-imperyalismo” at burges na nasyunalismo. Ang pagbubuhis ng dugo at paglulunsad ng armadong pakikibaka ng proletaryado sa panahon ng rebolusyonaryong sitwasyon ay para durugin ang estado at kapitalismo.

Pang-apat, ang mga komunista/rebolusyonaryong organisasyon, na ang pinakamataas na porma nito ay ang internasyunal na partido, ay produkto ng makauring pakikibaka. Ang pakikibaka ng manggagawa ay magluluwal ng mga abanteng elemento - mga komunista/rebolusyonaryo - na iniorganisa ang sarili sa mga organisasyong nasa unahan ng pakikibaka ng uri. Samakatuwid, ang mga organisasyong ito, batay sa kapasyahan ng masang manggagawa, ang mamuno sa kanila para ipagtagumpay ang komunistang rebolusyon.

Ang pamumunong ito ay salungat sa “pamumuno” na ginagawa ngayon ng mga Kaliwang partido. Ang pamumuno nila ay nakabatay lamang sa kanilang kagustuhang mamuno at sa pagkakaroon nila ng sariling armadong pwersa.

Ang pamumuno ng mga komunistang organisasyon ay nakabatay sa mulat na pakikibaka ng uri at mulat na pag-organisa nila sa kanilang sarili. Napapanday ang namunong papel ng marxistang partido sa pamamagitan ng aktibong interbensyon nito sa loob ng mga asembleya at konseho ng manggagawa na itinayo at pinamunuan mismo ng masang proletaryado. Sa madaling sabi, ang pampulitikang pamumuno ng komunistang organisasyon o partido ay mahigpit na nakabatay at nagsisilbi sa **“ang emansipasyon ng uring manggagawa ay nasa mga kamay mismo ng masang manggagawa.”**

Gayong tama na hindi pwedeng “iatas” ng partido sa uri ang rebolusyon, mali naman kung sabihing *“hindi ito mangyari kung ang mga rebolusyonaryo mismo (ang) mamuno sa mga manggagawa para isulong ang rebolusyon.”* Hindi simpleng propagandista-ahitador-edukador lamang ang papel ng mga komunistang organisasyon. Ang papel nila ay bilang **pampulitikang lider** ng rebolusyon. Mas mahalaga sa lahat ay maging aktibong salik ito para pabilisin ang tagumpay ng komunistang rebolusyon.

Sang-ayon kami sa pagsusuma ni kasamang Edward sa tungkulin ng mga rebolusyonaryo ngayon: *“Ang dapat gawin ngayon ay ibagsak ang kapitalismo kasama na ang estado sa pamamagitan ng nagkakaisa, independyente at pandaigdigang rebolusyon ng manggagawa.”*

Internasyonalismo

Bakit hindi dapat lumahok ang mga rebolusyonaryo sa burges na eleksyon?

ni: Edward

1)Hindi dapat makialam ang mga rebolusyonaryo sa eleksyon, dahil hindi ito ang tamang instrumento para isulong ang rebolusyon at ang mithiin ng nakararami. Ang eleksyon ay laro ng burgesya na nasa estado. Dito pinakita ang kapangyarihan nila at hanggang saan ang kanilang impluwensya, sa pamamagitan ng bangayan at kompetisyon. Ito ang malinaw na katangian ng ating lipunan ngayon.

Katunayan, nakasulat ito sa manuskripto ni Karl Marx na ang lipunan ay tunggalian at kompetisyon, at ang mananaig ay ang makapangyarihan. Ito ang makikita sa burges na eleksyon kung saan laging nasa bentahe ang nasa kapangyarihan.

Pero hindi ito ang pakikibaka na bigyang halaga ng mga rebolusyonaryo. Ang dapat ay kung paano imulat ang nakararami sa kagaguhan at kabulukan ng sistema ngayon, hindi lang bilang indibidwal kundi bilang tao mismo.

Para sa akin ang eleksyon ay parang laro ng solitario. Ang kapangyarihan ng mga burges na politiko ay galing sa mga maliliit na myembro ng lipunan hanggang sa pangkalahatang kasapian. Pasukin nila ang ibat-ibang tao, ibat-ibang hanapbuhay, para sila

ang mapili at uupo sa kapangyarihan ng estado na gustong-gusto nila. Ganyan ang eleksyon, kahit saang eleksyon dahil nahawa na ito sa kabulukan ng sistemang kapitalismo.

Pagtatayo ng “bagong imperyo” ng kapitalismo para palawakin ang pagsasamantala at pang-aabuso ng burgesya sa nakararami. Ito ang dapat bigyang pansin ng mga rebolusyonaryo, laluna ng kabataan. Paano durugin at ibagsak ang bulok na kaayusan.

2)Hindi makamit ang tunay na demokrasya sa ilalim ng kapitalismo. Para sa mga rebolusyonaryo ngayon, hindi ito mahirap unawain. Kaiba sa iniisip ng maraming Kaliwang grupo: Maoista-Stalinista at Abuevaista (yaong nagsisikap na maging pederal-parliyamentaryo ang Pilipinas), at kasama na ang mga reaksyunaryong grupo na nasa Kanan ngayon. Parang itim at puti. Ang ibig kong sabihin, napakalinaw ang kaibahan sa prinsipyo ng tunay na demokrasya laban sa nangibabaw na demokrasya ngayon sa pamumuno ng mga burges na pulitiko, na nagiging “democracy”.

Hindi na kailangang biyakin ang ating ulo para makita ang kaibahan. Tulad ng sinabi ng mga bantog na pilosopo sa mundo, na

ang prinsipyo ay para sa lahat at para sa kaunlaran kung makita sa teorya at implementasyon. Pero bakit kailangang magbuhis ng dugo ang mga Maoista-Stalinista para isulong ang sinasabi nilang “pambansang demokrasya”. Katunayan, ilang libong buhay na ang binuhis ng kabataan para lamang isulong ang prinsipyong ito. Bulag ba sila sa kulay o “color blind” na hindi nila nakita ang kaibahan ng itim at puti? Ang lagi nilang binibigay na katuwiran sa atin ay: iba ang binabasa naming manuskripto.

Natatawa na lang ako dahil napakalinaw na hindi makamit ang tunay na demokrasya sa ilalim ng kapitalismo, laluna kung nahawa pa ng kapitalismo ang buong mundo. Lalo na ngayon na may ilang bumaba mula sa kabundukan para isulong ang prinsipyo ng paglahok sa eleksyon. Wala ba silang natutunan sa nangyari sa Rusya, China at Alemanya, para sana mamulat sila na ang estado ay hindi instrumento para isulong ang rebolusyon kundi sa ibang paraan?

3) Sana maunawaan ito ng Kaliwa, laluna ng mga Maoista-Stalinista na ang estado laluna ang mga batas ay instrumento na ng burgesya para palawakin ang kanilang impluwensya at para ipagpatuloy ang pang-aapi sa nakararami. Pero paano ba ito ginawa ng burgesya? Para sa akin ay simple lang: ang mga batas na ginagawa ng mga burges na politiko maliban sa hindi para sa lahat ay walang ngipin dahil pabor sa mga kapitalista, laluna sa mga dayuhang kapitalista. Pero dapat tandaan at maunawaan ng mga Maoista at Kaliwa na hindi lang mga dayuhang kapitalista kundi mismong mga Pilipinong kapitalista din ang nagsasamantala at nang-aapi sa kapwa Pilipino.

Ang dapat gawin ngayon ay ibagsak ang kapitalismo kasama na ang estado sa pamamagitan ng nagkakaisa, independyente at pandaigdigang rebolusyon ng manggagawa. Sana magkaisa ang mga rebolusyonaryo sa ganitong layunin para magtagumpay. Pero hindi ito mangyari kung ang mga rebolusyonaryo mismo ang mag-atas at mamuno sa mga manggagawa para isulong ang rebolusyon. Ang mga manggagawa mismo ang magdesisyon kung nais ba nila itong makamit sa panahon ng rebolusyon, sa pamamagitan ng paghawak ng armas o hindi. Ang gawin lamang ng mga rebolusyonaryo ay ang pagbibigay ng ideya at maging kritikal sa lahat ng sitwasyon laluna sa pagwasak sa bulok na sistema.

Mabuhay ang independyente at pandaigdigang rebolusyon ng mga manggagawa!

Rebolusyon ng manggagawa, hindi burges na eleksyon!

ni: Piolo Mangahas

Introduksyon

Handang-handa na ang lahat ng paksyon ng naghaharing uri sa pambansang halalan sa susunod na taon. Pera, armas at makinarya ay nakahanda na para sa isang madugong tunggalian na inaasahan sanang maghasik ng ilusyon sa masa para sa “mapayapa” at “malinis” na halalan.

Sa kabila ng katotohanan na may bisa pa rin ang burges na eleksyon bilang “shabu” sa kaisipan ng manggagawang Pilipino, dumarami na ang nakaramdam ng masamang epekto ng “pampulitikang drogong” pinaiinom ng mapagsamantalang uri sa malawak na masang api.

Kaya nararapat lamang na suriin ng mga rebolusyonaryong elemento sa Pilipinas ano ang katangian ng burges na eleksyon; sa anong kondisyon ito nagagamit ng proletaryado para sa kanyang makauring interes at kung ang mga kondisyon na ito ay umiiral pa ba sa ating panahon. Ikalawa, kaya pa bang kopyahin ng burgesyang Pilipino ang mga tipo ng eleksyon sa abanteng kapitalistang mga bansa kung saan nagawang sinupin ng burgesya ang paglalako ng mistipikasyon ng demokrasya at eleksyon, sa kabila na dumarami rin doon ang tumaas na ang kamulatan na ang “heroin” at “cocaine” ay mas masama pa ang epekto sa “shabu”.

I. Ang Kanan sa usapin ng eleksyon

Ang Kanan ay nahati sa dalawang malaking paksyon: ang administrasyon ni Gloria Arroyo at ang oposisyon. Ang oposisyon naman ay nahati din sa ibat-ibang paksyon na nakabatay sa personalidad. Bagamat may mga indikasyong nais ng naghaharing uri na buhayin muli ang “sistemang dalawang partido” gaya ng sa Amerika, labis itong nahirapan dahil sa pagiging atrasado ng

burges na demokrasya sa Pilipinas at sa matagal na panahong pamamayani ng dinastiyang politikal sa bansa. Ang ambisyong kopyahin ang sistemang “pagiging tapat sa partido” sa halip na sa personalidad ay matagal ng pinapangarap ng Kaliwa sa Pilipinas subalit halos imposible na ito dahil sa lumalalang kabulukan ng sistema.

Nais ng naghaharing uri na muling palakasin ang mistipikasyon sa eleksyon at demokrasya sa hanay ng masa. Obligadong silang gawin ito dahil mabilis na nawawala ang bisa ng eleksyon bilang “shabu”. Kung patuloy na walang epektibong paraan ang mapagsamantalang uri para gawing “malinis at kapanipaniwala” ang resulta ng halalan sa susunod na taon, nababahala itong tuluyan ng maglaho ang impluwensya ng mistipikasyon ng masa sa eleksyon at palagi na lang i-resolba ang bangayan ng mga paksyon sa pamamagitan ng armadong labanan o “ekstra-legal” na paraan, mga paraan na tanda ng anarkiya sa lipunang kapitalista sa halip na mistipikasyon ng demokrasya at paraang “konstitusyunal”. Ito ang layunin ng kaaway sa halalang 2010; layunin na lalupang naging mahirap dahil sa Maguindanao masaker noong Nobyembre, ang pinakamarahas na pamamaslang sa kasaysayan ng Pilipinas na may kaugnayan sa eleksyon.

Ang administrasyon

Labis na kinamuhian ng malawak na masa ang paksyong Arroyo. Kung opinyong publiko lang ang pagbatayan, hindi na mananalo ang mga manok ng administrasyon para sa pambansang posisyon sa halalan sa susunod na taon. Dahil dito, para sa naghaharing uri, isa ng *liability* ang paksyong Arroyo sa Malakanyang. Ang pagpapatuloy ng paksyong ito sa paghawak ng estado ay tiyak na magtutulak sa masa upang suriin ang kabulukan ng eleksyon. Dito takot na takot ang mga kaaway sa uri: ang lubusang mawalan

ng tiwala ang nakararami sa eleksyon.

Ngayon pa lang, parang mga dagang naglundagan sa nalulunod na barko ng administrasyon ang maraming membro nito at lumipat na sa oposisyon para lalaki ang oportunidad na manalo. Ang mga nanatili sa administrasyon ay yaong mga politiko na kayang ipanalo ang sarili dahil makapangyarihan ito sa kani-kanilang teritoryo hawak ang 3Gs (guns, gold and goons). Karamihan sa kanila ay mga warlords at naghahari sa pamamagitan ng takot at karahasan.

Sa kabila ng maraming pera at malakas na makinarya, hindi madali sa administrasyon na ipanalo ang mga kandidato nito sa mga pambansang posisyon laluna sa pagka-presidente. Kaya ang kanilang pambato na si Gilbert Teodoro ay napilitang magastang “independyente” mula sa paksyong Arroyo at desperadong i-project ang sarili na hindi tuta ni Gloria.

At dahil ang posisyon sa estado sa mga atrasadong bansa gaya ng Pilipinas ay **buhay at kamatayan** para sa pang-ekonomiyang posisyon ng mga politiko, obligadong may pampulitikang posisyon pa rin si Gloria Arroyo. Kaya naman ay tatakbo siyang kandidato sa mababang kapulungan ng Kongreso¹. Ang iba naman ay mga kapamilya at kamag-anak ang pinatatakbo nasa kampo man ng administrasyon o oposisyon.

Ang oposisyon

Sa lahat ng mga partido at personalidad na nag-aagawan sa kapangyarihan, dalawang partido ang nasa unahan, ang partido Liberal na kinabibilangan nila Noynoy Aquino at Mar Roxas at ang Partido Nacionalista nina Manny Villar at Loren Legarda ng Nationalist People's Coalition (NPC).

Tila ba pinaiinit ngayon ang tunggalian ng dalawang “popular” na partido ng malalaking burgesya. Ilan sa mga dahilan ay:

Una, ang dalawang pinaka-lumang malaking burges na partido sa Pilipinas – ang Partido Liberal (LP) at Partido Nacionalista (NP) – ay nais muling buhayin ng burgesyang Pilipino, na tila nangongopya sa istilo ng burges na pulitika sa Estados Unidos. Sa kasaysayan, ang dalawang partidong ito ang pinanggalingan ng mga politikong Pilipino.

Ang NP ang kauna-unahang partidong itinayo ng burgesyang Pilipino noong 1907. Dala-dala nito ang mapayapa at repormistang linya sa pagkamit ng “pambansang kalayaan” mula sa kolonyalisting **Amerikano**. Kinukumpara ang NP bilang Republican 'Dahil sa obsesyon ng Kaliwa laluna ng mga maoista sa “charter change” at “term extension” ni Gloria, ginigiit nila na ito ang dahilan kung bakit nais pa rin ni GMA na tatakpong kongresista. Napakitid ng ganitong pagsusuri dahil hindi ito umaayon sa takbo ng pampulitikang realidad batay sa interes ng naghaharing uri sa kabuuan. Hindi lamang ang paksyong Arroyo ang interesadong baguhin ang kapitalistang saligang batas para iangkop sa pangangailangan ng bulok na sistema na binabayo ng matinding krisis ngayon. At hindi lang din ang pamilyang Arroyo ang nagnanais na makapasok sa estado ang halos lahat ng kanilang pamilya o kamag-anak. Lahat ng paksyon ng burgesya ay ito ang interes at ginagawa. Ang nasa likod ng ganitong “protesta” ng Kaliwa ay ang layuning pabanguhin sa harap ng masa ang burges na demokrasya at paasahin na maari pang repormahin ang estado. Ang kasalukuyang kabulukan ng sistema at atrasadong moda ng produksyon sa bansa ang nagluwal ng mga pampulitikang dinastiya ng lahat ng paksyon ng naghaharing uri. Hindi rin imposible na isa sa ambisyon ni Gloria ay maging primero ministro. Pero mangyari lamang ito kung mayorya sa Kongreso ay mga kaalyado niya at payag na siya ang hahawak sa posisyong ito. Pero mahirap itong hulaan sa ngayon dahil lumalaki ang posibilidad na galing sa oposisyon ang maging presidente ng Pilipinas sa susunod na taon.

Party (ng USA) sa Pilipinas.

Maraming bantog na mga tradisyunal na politiko na naging pangulo na galing sa NP. At isa na dito ay ang dating diktador na si Ferdinand Marcos. Kabilang din sa NP ang anti-manggagawang si Blas Ople, ang Kalihim ng Paggawa ng rehime ng Marcos.

Ang LP naman ay isplit mula sa NP noong 1945. Ito ang ikalawang pinakamatandang burges na partido sa Pilipinas, na binansagan ding Democratic Party (ng USA) sa Pilipinas. Gaya ng NP, maraming bantog din na kapitalistang politiko ang mula sa LP. Isa na dito si Manuel Roxas, ang unang presidente ng Republika ng Pilipinas. Kabilang din si Franklin Drilon, ang anti-manggagawang Kalihim ng Paggawa ng rehime ng Aquino.

Kapwa ang NP at LP ay kabilang sa koalisyong noong 2004 eleksyon na sumusuporta kay Gloria Arroyo bilang pangulo. Ibig sabihin, kabilang ang mga partidong ito sa mga dapat sisihin kung bakit nanalo si Arroyo.

Pangalawa, ang dalawang partidong ito ay nasa oposisyon. Gustong ipakita ng burgesya na nasa mga partidong ito at sa mga personalidad nila ang magsasalba sa sistema mula sa pampulitikang krisis ng administrasyong GMA.

Pangatlo, niromantisa ng burgesya ang personalidad ng dalawang kandidato sa bawat partido. si Noynoy Aquino² daw ang magbabalik ng demokrasya na pinaglalaman at pinatupad ng kanilang mga magulang. Katunayan, “martir” si Ninoy Aquino dahil pinaslang siya ng paksyong Marcos noong 1983. Pinangalandakan naman ni Manny Villar³, galing umano sa mahirap, na maaring aasen sa ang mga naghihikahos basta may “sipag at tiyaga” lamang.

Kung hindi man solido ang administrasyon, ganun din ang oposisyon. Walang unipikadong tiket ang administrasyon at oposisyon sa lahat ng posisyon. Lalong lumala ang pagkahati-hati ng mga paksyon ng burgesya habang papalapit ang eleksyon.

²Ang pamilyang Aquino at ang pamilyang Cojuangco (si Corazon na asawa ni Ninoy Aquino ay isang Conjuangco) ay kapwa malalaking kapitalista-haciendero.

Noong presidente pa si Corazon Aquino (1986-1992), pinangunahan niya ang polisiyang total war kung saan daang libong sibilyan ang namatay at nawalan ng tirahan at hanapbuhay. Sa kanyang pamumuno din nangyari ang masaker sa mga magsasaka noong 1987. Pag-aari din ng pamilya ni Corazon Cojuangco Aquino ang Hacienda Luisita kung saan daan-daang magsasaka ang nakaranas ng karahasan at pang-aapi.

³Si Manny Villar ang isa sa pinakamayamang kapitalista sa Pilipinas. Malaking bahagi ng kanyang negosyo ay real state at housing. Alyado ni Erap Estrada noong ito ay nahalal bilang presidente sa 1998 at naging speaker of the House. Subalit biglang bumaligtad sa kampo ng oposisyon noong kasagsagan ng pakikibaka para patalsikin si Estrada. Dahil dito ay napanatili ni Villar ang kanyang imahe sa mata ng publiko. Noong 2007 ay naging kaalyado ulit ni Erap. At ngayon ay hindi na naman dahil sa kanyang ambisyong maging presidente.

Ang “sipag” at “tiyaga” na ginamit ni Villar para maging isa sa pinakamayamang Pilipino ay “sipag” sa pagsasamantala at “tiyaga” sa pagiging oportunista para makaakyat sa pwesto. Ang “sipag” at “tiyaga” na nais ni Villar na gawin ng masang anakpawis ay sipag at tiyaga para maging isang modelong sahurang-alipin ng mga kapitalista. Ang pahayag ni Satur Ocampo sa media, kandidatong senador ng maoistang Bayan Muna, na pinakamalapit daw sa programa nila ang programa ng NP ni Manny Villar ay patunay lamang na walang kaibahan ang programa ng Kanan at Kaliwa sa pagtatanggol sa pambansang kapitalismo. Sa ngayon, plantsado na ang alyansang Bayan Muna-NP. Guest candidates ng NP sila Ocampo at Maza para senador. Guest candidte din ng NP si Bongbong Marcos, anak ng dating diktador na si Ferdinand Marcos. Nagawa ni Villar na ipasok sa kanyang partido ang nasa dulong Kanan at Kaliwa dahil sa kanyang “sipag at tiyaga”.

Walang maasahan ang masang anakpawis sa administrasyon at oposisyon dahil iisa lamang ang pinagtatangol ng mga ito: **pambansang kapitalismo.**

II. Ang Kaliwa sa usapin ng eleksyon

Maliban sa polisiyang boykot ng maoistang partido (PKP) noong panahon ng batas militar, matagal ng lumalahok ang Kaliwa sa eleksyon magmula pa noong 1940s.

Ang polisiyang boykot naman ng PKP noong 1980s ay hindi nakabatay sa marxistang pagsusuri kundi sa ekstremismo ng gerilyang pakikidigma.

Ang kontra-rebolusyonaryong batayan ng Kaliwa

Iba-iba ang palusot ng ibat-ibang paksyon ng Kaliwa kung bakit sila lumalahok sa eleksyon:

Maoistang PKP. Batay sa kanilang “pagsusuma” sa karanasang boykot noong 1980s, ginigiit ng Partido Komunista ng Pilipinas na “hindi mali” ang paglahok sa eleksyon at pagpasok sa estado basta ito ay “nagsisilbi” sa pagsusulong ng “digmaang bayan” at “may kwalipikadong mga kadre para dito”. Kung dati nilalait nila ang kanilang mga karibal dahil sa paglahok sa eleksyon, ang PKP na ngayon ang nangunguna at atat na atat na marami ang makapasok sa senado, kongreso at lokal na gobyerno.

Paano magsisilbi? Pangunahin ang pagkuha ng milyun-milyong pondo ng estado (na galing din naman sa pawis ng masang nagbabanat ng buto) at sa mga politiko para pambili ng armas at buhayin ang parasitikong armadong hukbo na nasa absolutong pamumuno ng PKP. Pangalawa, pagbibigay ng mga proyekto sa kanilang “baseng masa” upang manatili itong “tapat na tagasunod” sa panawagan ng Kaliwa.

“Leninistang” PMP. “Tapat” kay Lenin, pinanindigan nila na ang parliyamto ay maaring gawing “entablado” para sa “rebolusyonaryong” propaganda gaya ng ginawa ng mga marxista noong 19 siglo. Dagdag pa, “teoretikal” na batayan nila ang libro ni Lenin na “Kaliwang-komunismo, sakit ng kamusmusan” sa panahon ng debate ng Ikatlong Internasyunal sa usapin ng paglahok sa burges na eleksyon. Subalit, ang “katapatan” nila sa “Leninismo” ay “pinaunlad” (distrungka) pa nila: pakipag-alyansa sa burges na oposisyon at paggamit sa kanilang “baseng masa” bilang panglyabe sa kanilang pagtraydor sa marxismo at paghimod sa puwet ng malalaking burges na partido para makakuha ng malaking pondo. Para sa **Partido ng Manggagawang Pilipino**, ang pagpasok sa parliyamto ay “malaking tulong” upang mapalakas ang kilusang manggagawa. Sa madaling sabi, kailangan diumanong pasukin ang anumang laro ng burgesya at huwag silang hayaang masolo ang mga laro na sila ang may likha.

Neo-Trotskyistang PLM. Ang grupong ito ang tapat na tagasunod sa “radikal” na elektoralismo ni Hugo Chavez sa Venezuela at sa kanyang “sosyalismo sa 21 siglo”. Nagdadala ng mas radikal na lenggwahe na katangian ng mga Trotskyista gaya ng “partido para sa sosyalismo” at “sosyalismo ngayon na!”. Modelo ng **Partido Lakas ng Masa** ang pagkapanalo ng Kaliwa sa Latin at Central America.

Repormistang Akbayan. Sa lahat ng paksyon ng Kaliwa, ito ang tahasang nanindigan na makamit ang “panlipunang pagbabago” sa pamamagitan ng mga reporma at pagiging mayorya sa estado laluna sa parliyamto.

Samakatuwid, lahat sila ay nagkaisa na ang paglahok sa eleksyon at parliyamto ay “epektibong” paraan daw ng masa para mapalakas ang “kilusang masa”, ito man ay para sa “rebolusyon” o para sa “reporma”.



Gamit ang mga sulatin at salita ng mga bantog na marxistang lider sa 19 siglo, nilalason nila ang kaisipan ng masang manggagawa laluna ang mga abanteng elemento nito na angkop pa rin ang taktika ng mga marxista noong sumusulong pa ang kapitalismo sa panahon na nasa permanenteng pagbulusok-pababa na ang sistema at wala na itong kapasidad na magbigay ng anumang makabuluhang reporma. Dagdag pa, nirebisa nila ang rebolusyonaryong diwa ng paglahok sa eleksyon ng mga komunista noong 19 siglo. Kung ang mga marxista mahigit 100 taon na ang nakaraan ay lumahok sa burges na parliyamto sa pamamagitan ng sariling lakas ng kilusang manggagawa, ang mga “tapat” na tagasunod nila ngayon ay lumalahok batay sa kapasidad (pera at makinarya) ng alinmang paksyon ng Kanan kung saan sila pumailalim. Ang tawag dito ng Kaliwa ay “pragmatismo”, “praktikalidad” o “pakikipag-isang prente” na walang ibang kahulugan kundi kontra-rebolusyonismo at pagtraydor sa rebolusyonaryong diwa ng marxismo.

Maliban sa maoistang PKP, RPA-ABB, MLPP, na may pang-engganyo sa Kanan para sila suportahan – armadong hukbo – ang ibang paksyon ng Kaliwa ay parang namamalimos sa Kanan upang ipasok lamang sa kanilang makinarya at bigyan ng pera gamit ang pagmamayabang na mayroon silang “malawak na baseng masa” na matransporma sa boto.

Sa balanse ng pwersa ng Kanan at Kaliwa sa Pilipinas at sa hatian ng kanilang paggawa laban sa proletaryong rebolusyon, malayo pang payagan ng naghaharing uri na ibigay sa Kaliwa ang Malakanyang gaya ng ginawa ng mga kapatid nila sa uri sa Latin at Central America. Hindi rin katulad ng Venezuela ang Pilipinas na may malapit na padrino: Cuba at may likas na yaman gaya ng langis. Dagdag pa, malinaw na mas mahina ang Kaliwa kaysa Kanan sa ngayon. Kaya naman ay nagpupumilit ang Kaliwa na sisilong sa malalaking partido ng burgesya para lamang makapasok sa bulok na estado at parliyamto.

Sa ngayon at sa malapit na hinaharap, kontento na ang burgesyang Pilipino na nasa oposisyon ang Kaliwa. Samakatuwid, mananatiling minority ang Kaliwa sa loob ng kapitalistang estado dahil ang papel nito ay “bombero” sa loob ng kilusang masa sa panahon na muling magliab ang rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado.

Sa kabila nito, ang lantaranang pakikipag-alyansa at suporta ng Kaliwa sa iba't-ibang paksyon ng malaking partido ng burgesya at personalidad ay mensahe na rin ng una sa naghaharing uri na wala silang dapat ikabahala sa pagpasok nito sa estado at parliyamanto dahil wala naman itong seryosong intensyon na wasakin ang kapitalistang sistema. Samakatuwid, ang Kaliwa sa Pilipinas ay katulad din ng Kaliwa sa Central at Latin America na nasa kapangyarihan ngayon sa pamamagitan ng elektoralismo: pwersa para ipagtanggol ang pambansang kapitalismo.

Gaano man ka “radikal” at “rebolusyonaryo” ang palusot ng Kaliwa sa kanilang paglahok sa eleksyon, ang tunay nilang layunin ay ilayo ang masang proletaryado at maralita sa rebolusyonaryong landas tungo sa pagdurog sa estado at kapitalismo.

III. Pananaw ng mga komunista sa eleksyon at parliyamantarismo

Malinaw ang pagsusuri ng mga marxista sa burges na eleksyon at parliyamantarismo mula pa noong 19 siglo: ang mga ito ay tereyn ng burgesya at hindi ng manggagawa.

Subalit may obhetibong panahon na maaring magamit ang mga ito ng manggagawa para mapalakas ang sarili: una, sumusulong pa ang kapitalismo at wala pa sa agenda ang pagtatayo ng diktadura ng proletaryado; ikalawa, dahil sumusulong pa ang kapitalismo, maari pang makakuha ng makabuluhang mga reporma ang manggagawa sa loob ng sistema kung saan isang paraan ang pagpasok ng mga komunista sa parliyamanto; ikatlo, dahil may progresibong paksyon pa ang burgesya at dahil dito, tunay na arena talaga ng labanan ang parliyamanto, may mga panahong nakipag-alyansa ang proletaryado sa progresibong saray ng kaaway nila sa uri laban sa pyudalismo.

Ang ganitong pakikitungo sa eleksyon at parliyamanto ay lubusang nakabatay sa antas/ebolusyon ng kapitalismo at sa paglala ng mga internal na kontradiksyon ng sistema.

Nang nagbago na ang katangian ng kapitalismo sa pagpasok ng 20 siglo, ang parliyamanto kasama na ang mga unyon ay lubusan ng nasanib sa estado. Sa pagpasok ng dekadenteng kapitalismo, ang estado na lang ang tanging sandalan ng sistema para manatili. Kaya kailangang palakasin ito, na walang ibig sabihin kundi ang pagiging dominante ng ehekutibo sa pagkontrol sa lipunan.

Subalit ang pagbabago ng sitwasyon ay nagluwal ng mainit na debate sa loob ng Komunistang Internasyunal noong 1920s. Ang mayorya ay nanindigan na angkop pa rin na lumahok ang mga rebolusyonaryo sa burges na parliyamanto at unyon habang ang minoritya – ang kaliwang-komunista – ay nanindigan na lipas na ang sitwasyon na nagtulak sa uri na lumahok sa mga ito dahil ang nasa agenda na ay ang pag-agaw ng kapangyarihan – diktadura ng proletaryado.

Ang mayorya sa Komunistang Internasyunal na pinangunahan nila Lenin⁴ at Trostky ay pabor sa partisipasyon habang ang minoritya na kinabilangan ng praksyon nila Bordiga sa Italya, KAPD sa Alemanya, Sylvia Pankhurst sa Britanya, at iba pa ay tumindig tutol sa partisipasyon.

Sa halos 100 taon napatunayan na tama ang minoritya noon at mali ang mayorya. Ang mga partido komunista at sosyalista na pumasok sa parliyamanto at unyon noon ay tuluyan ng tumiwalag sa marxistang prinsipyo at niyakap ang interes ng burgesya. Nagtraydor ang mga ito sa internasyunalismo noong WW II.

⁴Sumulat pa si Lenin ng pampleto na nagtatanggol sa partisipasyon sa burges na parliyamanto at sa mga union: “Kaliwang-komunismo: Sakit ng Kamusmusan”.

Narito ang ilang sipi mula sa Tesis Hinggil sa Parliyamantarismo ni Amadeo Bordiga, na sinumite bilang posisyon ng kaliwa sa debate sa Ikalawang Kongreso ng Komunistang Internasyunal (KI) noong 1920. Para sa amin, napakahalaga ng mga siping ito para maunawaan ng mga komunista at nagsusuring elemento sa Pilipinas ang debate noong 1920s hinggil sa parliyamantarismo, lalupa’t ang nabasa lamang ng mga “komunista” sa Pilipinas ay ang mga sulatin ni Lenin:

a. *“Under these historical conditions, under which the revolutionary conquest of power by the proletariat has become the main problem of the movement, every political activity of the Party must be dedicated to this goal. It is necessary to break with the bourgeois lie once and for all, with the lie that tries to make people believe that every clash of the hostile parties, every struggle for the conquest of power, must be played out in the framework of the democratic mechanism, in election campaigns and parliamentary debates. It will not be possible to achieve this goal without renouncing completely the traditional method of calling on workers to participate in the elections, where they work side by side with the bourgeois class, without putting and end to the spectacle of the proletariat appearing on the same parliamentary ground as its exploiters”.*⁵

b. *“Communists deny the possibility that the working class will ever conquer power through a majority of parliamentary seats. The armed revolutionary struggle alone will take it to its goal. The conquest of power by the proletariat, which forms the starting point of communist economic construction, leads to the violent and careful abolition of the democratic organs and their replacement by organs of proletarian power - by workers’ councils. The exploiting class is in this way robbed of all political rights and the dictatorship of the proletariat, i.e. a government system with class representation, is set up. The abolition of parliamentarism becomes a historical task of the communist movement. Even more, representative democracy is precisely the first form of bourgeois society that must be brought down, and moreover even before capitalist property”.*⁶

c. *“In the present historical epoch, which has opened with the end of the world war and its consequences for the social organisation of the bourgeoisie - with the Russian revolution as the first realisation of the idea of the conquest of power by the working class, and the formation of the new International in opposition to the traitors of the social democracy - and in the countries where the democratic order was introduced a long time ago, there is no possibility of exploiting parliamentarism for the revolutionary cause of communism. Clarity of propaganda no less than preparation for the final struggle for the dictatorship of the proletariat demand that communists carry out propaganda for a boycott of the elections on the part of the workers”.*⁷

Sa kasamaang-palad, iilan lamang sa mga “rebolusyonaryo” sa Pilipinas ang kilala si Amadeo Bordiga at may alam sa mga debate sa loob ng Komunistang Internasyunal. Ang kinagisnang “marxismo” ng mga rebolusyonaryo sa Pilipinas noong 1920s ay ang kontra-rebolusyonaryong ideolohiya ng Stalinismo. Ang multo ng Stalinismo ay nanatiling nakalukob sa lahat ng paksyon ng Kaliwa sa Pilipinas, maka-Stalinismo man sila o nagpahayag ng pagiging “anti-Stalinismo”.⁸

⁵Tesis 7.

⁶Tesis 2.

⁷Tesis 6.

⁸Ang maoistang PKP ay may palusot sa kanilang paglahok sa burges na parliyamanto: “gamitin ang posisyon sa loob ng estado upang mapalakas ang armadong pakikibaka sa kanayunan”. Ngunit sa praktika, kabaliktaran ang nangyari: ang armadong hukbo nila ang

Ang burges na parliyamto ngayon ay ganap ng naging mabahong kulungan ng mga baboy. Isang “talking shop” na walang ngipin. Ang totoong nagpatakbo sa lipunan ay ang ehekutibo dahil ito ang kailangan ng naghaharing uri sa panahon na desperado itong isalba ang naaagnas na sistema. Dagdag pa, tuluyan na ring itinakwil ng mga “tapat” sa “marxismo-leninismo” ang batayan ng mga marxista sa 19 siglo sa paglahok sa parliyamto. Pera at posisyon sa estado na pangunahing layunin ng Kaliwa ngayon gamit ang “radikal” na lenggwahe na hindi naman salungat sa burges na kaayusan – demokrasya, nasyunalismo, nasyunalisasyon, atbp.

Matatag ang paninindigan ng mga komunista sa usapin ng parliyamtarismo: **hindi na ito sandata at larangan ng pakikibaka ng manggagawa para isulong ang komunistang rebolusyon sa panahon ng dekadenteng kapitalismo.** Hindi na maibalik ang kalagayan noong 19 siglo na naging batayan ng mga rebolusyonaryo noon sa paglahok sa eleksyon. Nasa panahon na tayo ng proletaryong rebolusyon at pagtatayo ng diktadura ng proletaryado sa pandaigdigang saklaw.

IV. Dekomposisyon (Pagkaagnas) at ang pangingibabaw ng burges na ideolohiyang “bawat isa para sa kanyang sarili” at “isa laban sa lahat”

Sa likod ng mga alyansa, pakikipag-ibigan, at pagsasanib pwersa ng ibat-ibang personalidad at paksyon para matiyak ang kanilang tagumpay sa eleksyon ay ang katotohanang nangingibabaw na ngayon ang ideolohiyang “bawat isa para sa kanyang sarili” at “isa laban sa lahat”.

Ang mga “alyansa” at “pagsasanib pwersa” ng ibat-ibang paksyon ay temporaryo lamang habang ang permanente ay ang kanilang maigting na kompetisyon na kadalasan ay nauwi sa madugong tunggalian.

Ang mga paksyong tumulong para mapatalsik si Erap at makaupo si Gloria noong Edsa Dos ay nawasak. Ang “Team Unity” na pinamunuan ng paksyong Arroyo noong 2004 ay hiwa-hiwalay na ngayon. Ang LP at NP na kasapi dito ay kumalas agad at naging “oposisyon”.

Bilang paghahanda sa halalan sa 2010, ang naghaharing partido ng administrasyon ay niyanig ngayon ng balimbingan. Marami sa mga kasapi nito ay lumipat na sa oposisyon – LP o NP. Ang NP naman ay nakipagsanib pwersa sa manok ng NPC pagka-bise presidente na si Loren Legarda, sa maoistang Bayan Muna at sa KBL ni Ferdinand Marcos Jr. Habang ang LP naman ay nakipaginagamit para pang-lyabe upang manalo ang kanilang mga kandidato at alyado. Ang polisiyang boykot ng PKP noong 1970s hanggang 1986 ay hindi nakabatay sa marxistang pagsusuri sa burges na eleksyon kundi sa radikal na peti-burges na pagkapit sa gerilyang pakikidigma sa kanayunan, na sinasabi naman nilang isang “mayor na taktikal na pagkakamali” noong 1986.

Habang ang mga “leninista” naman, na bukambibig ang “sentralidad ng kilusang paggawa”, ay tahasan ng bumitaw kahit sa kanilang “leninistang” prinsipyo sa usapin ng partisipasyon sa eleksyon: “para manalo ang ating party-list at lokal na mga kandidato, kailangan natin ng pera na makukuha lamang sa pamamagitan ng pagsuporta at pakipag-usap sa malalaking burges na politiko at partido.” Ang ganitong “pargmatismo” ng mga “leninista” sa Pilipinas ay lantarang elektoralismo at repormismo, at kahit hibo ng “leninismo” ay wala na ito. Katunayan, desperado na nilang pinasok ang partido ni Joseph “Erap” Estrada, ang pinatalsik na presidente noong Edsa Dos dahil sa pandarambong, at kung saan ay kasama silang sumigaw sa lansangan sa pagpapatalsik sa kaniya para sa eleksyon sa 2010 dahil naunahan na sila ng ibang paksyon ng Kaliwa sa NP at LP.



Kaliwa: Bagong TRAPO sa parliyamto

agsanib pwersa sa Akbayan at mga grupong sosyal-demokratiko na may hawak ng maraming NGOs. Ang “leninistang” Sanlakas ay pumasok sa kampo ni Erap Estrada.

Ganito na ang kalakaran sa burges na politika sa Pilipinas magmula pa noong “ibinalik ang demokrasya” noong 1986. Ang “katapatan” ng bawat politiko ay para sa kanyang sarili lamang. Wala ng iba pa. Ang malinaw na halimbawa nito ay si Loren Legarda, Bayan Muna at si Bayani Fernando.

Si Legarda, na sa una ay nag-ambisyong maging presidente (bise-presidente na ang tinakbohan niya noong 2004) ay bumaba sa pagiging bise ng ang maging concensus ng NPC na maging manok sa pagiging presidente ay si Chiz Escudero. Nang opisyal ng umatras si Chiz at umalis sa NPC, parang nasa limbo si Legarda. Kaya nga galit siya kay Chiz dahil bakit hindi agad nagsabi na aatras pala. Itutuloy sana niya ang pagiging presidente sa ilalim ng NPC. Kaya obligado itong pumailalim sa NP ni Villar dahil maliban sa mahirapan na siyang sasama sa labanang presidensyal ay selyado na rin ang mga bise-presidente ng ibang malalaking partido laluna ng LP.

Ang Bayan Muna, matapos tanggihan ng LP ang kanilang alok na ipasok bilang kandidato ang kanilang dalawang senador, ay walang pag-alinlangang sumilong sa NP, sa kabila ng alam na ng publiko na si Villar isang isang oportunistang trapo sa dahilang ang NP lamang ang bukas ang palad na pumayag na maging “guest candidates” ang kanilang dalawang kandidato para senador.

Si Bayani Fernando, na atat na atat na maging kandidatong pangulo ng administrasyon, at sa simula ay nagpahayag ng “katapatan” sa partidong Palaka anuman ang maging desisyon nito kung sino ang pipiliing kandidato, ay tumiwalag sa partido ng administrasyon para maging bise-presidente ni Dick Gordon.

Habang nalalapit ang araw ng eleksyon ay lalo pang iinit ang kanya-kanyang diskarte ng bawat isa para sa kanyang sarili. Kahit ang mga “kaalyado” at “kapartido” ay handang ilaglag sa huli para lamang manalo. Sa simula ay “alyansa” at “pagsasanib-pwersa”; sa huli ay kanya-kanya at laglagan.

Dahil mabilis na kumikipot ang yamang pag-aagawan, isang buhay at kamatayan na para sa lahat ng paksyon ng burgesya ang kapangyarihan, na lalupang itutulak ng naaagnas na ideolohiya para sa armadong labanan, pandaraya, pananakot at pamimili ng boto para lamang manalo. Sa totoo lang, walang sinumang kandidato ang naniniwalang manalo siya sa isang “malinis” na halalan dahil alam niyang gawin ng kanyang karibal ang lahat

para maluklok sa poder.

At tiyak, pagkatapos ng halalan, ay may panibago na namang hanayan ng pampulitikang pwersa, depende kung sino o aling paksyon ang uupo sa Malakanyang. Ang padron ng bulok na politika sa Pilipinas ay ganito: **ang kaibigan ngayon ay kaaway bukas; ang kaaway noon ay kaibigan na ngayon.**

Ang padron ng ikot ng burges na pulitika sa bansa ay hindi magbabago: **ang administrasyon ngayon ay naging oposisyon; ang oposisyon ngayon ay naging administrasyon.** At paikutin na naman nila ang ulo ng masa. Ito ang demokrasya sa panahon ng dekadenteng kapitalismo.

Subalit hindi lang sa hanay ng burgesya nanalanta ang ideolohiyang “bawat isa para sa kanyang sarili” at “isa laban sa lahat”. Dahil nangingibabaw ito sa lipunan, pinasok din nito kahit ang pinagsamantalahan at inaaping mga uri sa lipunan. Isang halimbawa dito ay ang usapin ng eleksyon:

Kung suriing maigi, dumarami ang mahihirap na hindi na umaasa sa eleksyon para maiahon sila sa kahirapan. Ibig sabihin, hindi na “sagrado” para sa kanila ang kanilang boto. Pero hindi rin naman sila nagtuloy-tuloy na namulat na magrebolusyon. Ano ang nangyari?

Karamihan sa mga mahihirap na impluwensyado ng bulok na ideolohiya ay ginawang kalakal ang kanilang boto. Pinagbili nila ito sa sinumang politiko na may mataas na presyong pambayad sa kanila para may pantawid-gutom sa loob ng ilang araw. Itoy indikasyon ng nakatagong kamulatan ng dumaraming masa na wala ng kabuluhan sa kanilang buhay ang burges na eleksyon maliban sa pera at materyal na makuha sa mga politikong nangangailangan ng kanilang boto. Alam nila na pagkatapos ng eleksyon, walang pagbabago sa kanilang buhay sinuman ang uupo sa kapangyarihan. Sa kabilang banda, ito ay negatibong ekspresyon din ng kawalan ng pakialam ng nakararami sa politika. Para sa kanila, ang politika ay para lamang sa mayayaman.

V. Tungkulin ng mga rebolusyonaryo sa Pilipinas

Ganun pa man, hindi pa rin maaring sabihin na madilim ang kinabukasan ng manggagawang Pilipino sa usapin ng pagkamulat sa rebolusyonaryong landas. Ang kahirapan bunga ng krisis ng sistema ay nanatiling matabang lupa upang patuloy na makibaka ang proletaryado. Sa kanilang mga pakikibaka laban sa pagsasamantala at pang-aabuso ng mga kapitalista at estado iluluwal at uunlad ang kamulang rebolusyonaryo.

Bilang bahagi ng internasyunal na uri, tiyak na may malaking impluwensya sa mga manggagawa sa Pilipinas ang sumusulong na independyenteng kilusang proletaryo sa buong mundo laluna sa Uropa. Ang paglitaw ng mga nagsusuring elemento sa Pilipinas sa nagdaang tatlong taon ang positibong indikasyon ng potensyalidad ng pag-unlad ng rebolusyonaryong kamulatan sa hanay ng masang api sa darating na panahon. Malaking tulong din ang mabilis na pagkalantad ng Kaliwa na walang kaibahan sa Kanan dahil sa patuloy na pakikipag-alyansa ng una sa huli at sa pagiging palamuti lamang nito sa parliyamto upang mamulat ang masa na walang maasahan sa estado at eleksyon.

Ang tungkulin ng mga rebolusyonaryo sa panahong ito ay ipaliwanag sa masang manggagawa laluna sa mga abanteng elemento

nito na hindi arena ng pakikibaka ang eleksyon at parliyamto. Para makawala ang proletaryado sa impluwensya ng burges na ideolohiya, isa sa kailangang iwaksi ay ang elektoralismo at parliyamtarismo. Subalit hindi ito sapat. Kailangan ding iwaksi ng uri ang ideolohiya ng Kaliwa – burges na demokrasya, unyonismo, nasyunalismo, pakikipag-alyansa sa isang paksyon ng burgesya at gerilya-ismo.

Ang minimithing kalayaan ng proletaryado ay wala sa reormasyon sa mga demokratikong institusyon ng burgesya kundi nasa pagdurog sa mga ito at palitan ng mga organo ng manggagawa, laluna ang mga sobyet o konseho ng manggagawa bilang kongkretong ekspresyon ng kanilang pampulitikang kapangyarihan.

Maling-mali ang paniniwala na makamit ang sosyalismo o mawasak ang kapitalismo sa pagpasok sa gobyerno. Sa pagpasok ng mga grupong Kaliwa sa eleksyon, ginagampanan nila mismo ang kanilang tungkulin – **ang ilihis ang manggagawa sa makauring pakikibaka.**

Ang tama at napapanahong panawagan para sa uri ay: **Rebolusyon ng manggagawa, hindi burges na eleksyon!**

Ngunit kailangang linawin na hindi ito magagawa ng mga manggagawa sa Pilipinas lamang. Ang pagbaka sa burges na ideolohiya ay isang pandaigdigang tungkulin ng uri kung saan ang mas may malaking potensyal na epektibong makagawa nito ay ang praksyon ng uri na mas mayaman sa karanasan at mas organisado: ang mga kapatid na manggagawa sa Uropa.

Ang dekomposisyon o pagkaagnas ng dekadenteng kapitalismo ay hindi awtomatik na kusang mawasak ang kapitalismo at maitayo ang komunismo mula sa mga guho nito. Isa lamang ito sa mga posibilidad. Ang isa pang posibilidad ay kapwa mawasak ang burgesya at manggagawa at papasok ang mundo sa walang kataposang barbarismo.

Kaya napakahalaga ng papel ng mga komunistang organisasyon, laluna ng isang internasyunal na partido upang magtagumpay ang komunistang rebolusyon.

Ganun pa man, napakahirap ng mga tungkuling ito sa kasalukuyang antas ng tunggalian ng uri sa Pilipinas. Ang malinaw: hindi maipatupad ang mga rebolusyonaryong tungkulin sa pamamagitan ng paglahok ng mga komunista at uring manggagawa sa eleksyon. #

Lumahok sa mga diskusyon at debate sa:

tl.internationalism.org

Magparehistro doon. Mag-post ng mga paksa at magpahayag ng opinyon at ideya.

Nasa diskusyon at palitan ng opinyon makamit ang kalinawan sa teorya ng marxismo.

Tesis ni Lenin hinggil sa burgis na demokrasya at proletaryong diktadurya

Isinalin at muli naming inilimbag ang Tesis ni Lenin na sinumite niya sa Kongreso ng Pagtatatag ng Komunistang Internasyunal noong 1919. May introduksyon na rin na sinulat ang IKT sa Tesis na ito (na kasama na rin naming isinalin).

Napakahalaga at napapanahon na muling basahin at pag-aralan ang Tesis ni Lenin lalupa't nalalapit na ang burges na eleksyon sa Pilipinas kung saan lantaran at walang kahihyan ang kutsabahan ng Kanan at Kaliwa para pabanguhin ang burges na demokrasya gamit ang "radikal" at "rebolusyonaryong" lenggwahe. Masahol pa, ginamit ng mga traydor na ito sa marxismo si Lenin para bigyang palusot ang kanilang katrayduran sa marxismo at proletaryong rebolusyon.

Bukambibig ng Kaliwa ang "pagtanggap sa demokrasya" kaya sila lumahok sa eleksyon at nagnanais pumasok sa kapitalistang estado. Pinagsisigawan nila ang isang "malinis" at "maka-mamamayang" kapitalistang estado kaya nag-aagawan sila para makapasok dito. Mas masahol pa, gamit ang taktika ng mga marxista sa panahon na sumusulong pa ang kapitalismo at may paksyon pa ng burgesya na progresibo, dinistrungka nila ito ngayon sa panahon na nasa dekadenteng yugto na ang sistema at lahat ng mga paksyon ng naghaharing uri ay ganap ng reaksyonaryo at kontra-rebolusyonaryo.

Nakakasuka ang pinaggagawa ng Kaliwa kung saan para silang mga pokpok na naglalambitin sa loob ng malalaking burges na partido para lamang makapasok sa bulok na estado.

Sa panahon ng dekadenteng kapitalismo at laluna ng pumasok ito sa kanyang naaagnas na yugto noong 1980s, ang paglahok ng mga rebolusyonaryo sa burges na eleksyon ay ganap ng kontra-rebolusyonaryo at tahasan ng nagsisilbi para panatilihin ang mapagsamantalang kaayusan sa lipunan. Pero hindi lang ito. Higit sa lahat, ang burges-demokratikong programa o minimum na programa ng mga komunistang organisasyon sa 19 siglo ay hindi na angkop sa ating panahon. Ang tanging programa sa kasalukuyan ay: pandaigdigang komunistang rebolusyon at pagtatayo ng diktadura ng proletaryado bilang unang hakbang para makamit ang komunismo.

Internasyonalismo

Disyembre 2009

Ang ika-20 siglo ay nagtatapos sa ingay ng isang malawakang konsertong nagbubunyi sa pagsulong ng demokrasya sa buong mundo at sa dapat nitong mga benepisyo. Sa buong siglo, ang mga tagumpay nito ay ipinagbunyi laban sa mga diktadurya ma-pula man o kayumanggi, at ang kanyang mga bayani – Gandhi, Walesa, Mandela, Martin Luther King atbp – ay pinarangalan sa pagpapatupad nila sa kanyang "mga dakila at maka-kawangawang prinsipyo". Kung ating paniwalaan ang propaganda, ang kalagayan mula nang bumagsak ang Berlin Wall at ang mga pakikibakang naganap mula dito para ipagtanggol at paunlarin ang demokrasya ay naging batayan ng pag-asa para sa kinabukasan ng katahimikan at kaayusan na dapat ay ganap na nakakaengganyo para sa sangkatauhan sa pangkalahatan. Ipinakita sa atin ang mga regular na krusada ng mga dakilang demokrasya, para sapilitang ipatupad at ipagtanggol ang mga "karapatang pantao" sa mga bansang di nirerespeto ang mga ito, sa pamamagitan ng lakas kung kinakailangan – ibig sabihin kapalit ng mga pinakamasahol na patayan. Inaalayan tayo ng natawin ng isang Pandaigdigang Hukuman ng Hustisya, na itinayo para husgahan at parusahan ang sinumang napatunayang nakagawa ng mga "krimen laban sa sangkatauhan". Hayaang manginig ang mga diktador! At sa darating na mga taon, pinapangakuan tayo ng paglitaw ng isang "pandaigdigang demokrasya" na nakabatay sa "lumalaking papel ng lipunang sibil". Ang kasalukuyang mga demonstrasyon sa negosasyon ng WTO, sa pangunguna ng Roquefort Revolutionary Jose Bove, ay ang mga unang anyo nitong "pandaigdigang demokrasya" o kahit ang "People's International" na nakibaka laban sa diktadurya ng pamilihan, walang pakundangang kapitalismo, at masamang pagkain. Para sa kasalukuyang mga proletaryo, ang tanging makabuluhang pakikibaka ay parang nasa pagtatayo ng mga demokratikong rehimen sa bawat bansa sa buong daigdig, na nagsusulong ng pantay na mga karapatan ng mga babae't lalake at ng mga lahi, at nagtataguyod ng "pag-uugali ng isang mabuting mamamayan". Ang ibat-ibang mga tagalako ng ideolohiya, at laluna sa Kaliwa, ay mas lalung pinapakilos para hikayatin ang mga manggagawa na ito'y isang magandang laban at tinutulak sila para dito. At para sa sinumang nagdududa at nag-aalinlangan sa pagsali, ang mensahe ay: "Sa kabila ng mga kamalian nito, ang demokrasya

ang tanging rehimen na maaaring mareporma at maperpekto – at kung sabagay wala namang pag-asa para sa iba pa". Sa ginta ng lumalawak na kahirapan at barbarismo na sapilitang pinapataw sa atin ng kapitalismo, parang wala na ngang posibilidad kundi ang umasta bilang isang mabuting mamamayan, tanggapin ang sistema dahil sinabihan tayong wala nang ibang mapagpilian.

Muli naming nilimbag ang Tesis sa Burgis na Demokrasya at Proletaryong Diktadurya na inihapag ni Lenin noong ika-4 ng Marso 1919 sa Unang Kongreso ng Komunistang Internasyunal, unang-una at higit sa lahat upang sagutin itong mapanlinlang na ideolohiyang umaatake, na pinupuntirya lalong-lalo na sa uring mangagagawa, ang tanging uri na may kakayahang tuligsain at ibagsak ang buong sistema. Ang Tesis ay nagpaalala sa atin sa partikular na ang demokrasya ay ang tanging pinaka-epektibong porma ng diktaduryang nang-aapi sa manggagawa, at nagtatanggol sa burgesya at sa mga pribilhiyo nito bilang isang mapagsamantalang uri. Tamang dineklara nito na "habang mas nagiging 'puro' ang demokrasya (') ay mas lalong hayagang nalalantad ang pang-aapi ng kapital at ang diktadurya ng burgesya". Sa panghuli, ang Tesis ay nagpaalala sa atin na ang Digmaang Pandaigdig ay isinusulong "sa ngalan ng kalayaan at pagkakapantay-pantay". Ang ika-20 siglo – ang pinakamadugo at pinakamabangis sa kasaysayan ng sangkatauhan – ay saksi sa kasinungalingang ito na inuulit-ulit ng napakamaraming beses, upang bigyan ng katarungan ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig at ang di-mabilang na mga digmaang lokal at patayan mula noon.

Ang kasalukuyang paglilimbag sa Tesis na ito ay naging makatarungan din sa pangangailangang bigyan ng kasinungalingan ang burgesyang propaganda na nagkukunwaring ang tunay na komunismo ay kahalintulad ng Stalinismo – ang isa sa pinakamalalang diktaduryang naranasan ng pandaigdigang proletaryo – at si Stalin ang tagapagmana ni Lenin, na kung tutuusin siya'y kabaliktaran ni Lenin. Si Lenin mismo ang sumulat at naghapag ng Tesis, na nagpakita na ang komunismo ang siyang tunay na demokrasya, na ang demokrasyang burgis ay walang iba kundi isang peke na gawa-gawa lamang upang bigyang katarungan ang pananatili ng sistema nito. Si Lenin,

na di hamak na mas na magaling kay sa kanino man, ang nagtatanggol sa prinsipyo na “ang diktadurya ng proletaryo ay ang pwersahang pagsupil sa paglaban ng mga mapagsamantala, ibig sabihin, ang minorya sa populasyon, ang mga malalaking panginoong maylupa at mga kapitalista”, at ito’y ‘isang pagpapalawak ng aktwal na mga demokratikong pagpapatupad, sa lawak na kailan ma’y hindi pa naging bantog sa buong mundo, sa uring manggagawang inaalipin ng kapitalismo”.

Ang Stalinistang diktadurya ay walang pagkahalintulad sa diktadurya ng proletaryo na isinusulong ni Lenin, ito’y sepulturero nito. Ang Stalinistang ideolohiya ay walang pagkahalintulad sa mga proletaryong prinsipyong ipinagtanggol ni Lenin, ito’y dambuhalang katrayduran sa mga ito. Sa isinulat namin sa *International Review* blg. 60, habang ang Stalinismo ay nag-umpisa nang bumagsak: “Sa panimula, ito’y isang mahirap na yugto para sa proletaryo. Maliban sa tumataas na bigat ng mga demokratikong mistipikasyon, sa Kanluran at ganun din sa Silangan, kailangang intindihin nito ang mga bagong kalagayan na kanyang nilalabanan”. Nilimbag namin itong Tesis na ipinagtibay ng Unang Kongreso ng Komunistang Internasyunal, bilang mayor na pampulitikang sandata para sa proletaryo upang harapin ang kahirapan nito, at labanan ang kasalukuyang opensiba ng naghaharing uri, na naglalayong lasunin ang kaisipan ng manggagawa sa pamamagitan ng pagpapaniwalâ sa kanila na ang demokrasyang burgis ay ang tanging “maari at makataong” rehimen.

Nilalaman ng Tesis

1. Ang paglago ng rebolusyonyong kilusan ng proletaryo sa lahat ng bansa ay nagpagalit sa burgesya at sa mga ahente nito sa loob ng mga samahan ng manggagawa na gumawa ng mga nag-aalburutong hakbang na maghanap ng teoritikal na mga argumento na magtatanggol sa paghahari ng mga mapagsamantala. Sa mga ito, ang partikular na pagdidiin ay inilagay sa pagtatakwil sa diktadurya at sa pagtatanggol sa demokrasya. Ang kamalian at pagka-ipokrito ng argumentong ito, na inulit-ulit ng ilang libong porma sa kapitalistang pahayagan at sa kumperensya sa Berne ng Dilaw na Internasyunal noong Pebrero 1919, ay naging malinaw sa kaninuman kung sino ang ayaw gumawa ng katrayduran sa mga prinsipyo ng sosyalismo.

2. Unang una, ang argumento ay gumagamit ng abstraktong konsepto ng “demokrasya” at “diktadurya”, na hindi ipinaliwanag kung anong uri ang pinag-uusapan. Ang paglalagay sa usapin sa ganitong paraan, sa labas o sa ibabaw ng makauring paninindigan, na para bang ito’y balido bilang isang paninindigan ng buong sangkatauhan, ay isang talamak na paglapastangan sa batayang teorya ng sosyalismo, ang teorya ng makauring pakikibaka, na kinikilala pa rin sa salita, at ito’y totoo, ng mga sosyalistang lumipat na sa kampo ng burgesya, pero kung titingnan sa kanilang gawa ito’y kinakalimutan na. Dahil walang sibilisadong kapitalistang bansa na mayroong “demokrasya na abstrakto”, ang meron lamang ay burgis na demokrasya, at ang usapin ay hindi tungkol sa “diktadurya na abstrakto” kundi sa diktadurya ng inaaping uri, ibig sabihin, ng proletaryo, laban sa mga mapang-api ug mapagsamantala, ibig sabihin, ang burgesya, upang gapiin ang paglaban na sinusulong ng mga mapang-api sa kanilang pagsisikap na mapanatili ang kanilang paghahari.

3. Ang kasaysayan ay nagturo sa atin na ang inaaping uri ay hindi noon at hindi kailan man makakapwesto sa kapangyarihan nang hindi dumadaan sa yugto ng diktadurya, ibig sabihin, nang walang pag-agaw sa pampulitikang kapangyarihan at sa pwersahang pagsupil sa pinaka-desperado at naghuhuramentadong paglaban, na takot gumawang krimen, na siyang palaging iwinasiwas ng mga mapang-api. Ang burgesya, na ang paghahari ay kasalukuyang ipinagtanggol ng mga sosyalista na nagpahayag ng pagkamuhî sa “diktadurya sa pangkalahatan” at tumindig ng buong katawan at kaluluwa para sa “demokrasya sa pangkalahatan”, ay nagkaroon ng kapangyarihan sa mga sibilisadong bansa sa pamamagitan ng serye ng mga pag-aalsa, digmaang sibil, ng pwersahang pagsupil sa paghahari ng monarkiya, ng mga panginoong pyudal at mga may-ari ng alipin, at sa kanilang pagsisikap na manunumbalik. Kung ilang libo at ilang milyong beses, sa kanilang mga aklat at polyeto, sa kanilang mga resolusyon sa kongreso at mga talumpati, na ang mga sosyalista sa bawat bansa ay nagpaliwanag



sa mga mamamayan sa makauring katangian ng mga rebolusyong ito. Kung kaya’t ang kasalukuyang pagtatanggolsa “burgis na demokrasya” samga talumpati tungkol sa “demokrasya”, at ang kasalukuyang pagtutol laban sa proletaryong diktadurya dahil sa paghangad tungkol sa “diktadurya”, ay isang talamak na pagtatraydor sa sosyalismo, isang tiyak na paglipat sa kampo ng burgesya, pagtanggap sa karapatan ng proletaryo sa kanyang pampulitikan g

rebolusyon, isang pagtatanggol sa burgis na repormismo, at ito’y mismo sa isang yugto ng kasaysayan na kung saan ang burgis na repormismo ay nalalantad na at nabasag sa buong daigdig at kung saan ang digmaan ay lumikha ng isang rebolusyonyong sitwasyon.

4. Sa kanilang pagkilala sa makauring katangian ng burgis na demokrasya, sa burgis na parlyamentarismo, ang lahat ng sosyalista ay nagpaliwanag sa mga ideyang ipinapahayag sa pinakasyentipikong pamamaraan nila Marx at Engels nang sabihin nilang kahit ang pinaka-demokratikong burgis na republika ay walang iba kundi isang instrumento kung saan ang burgesya ay umaalipin sa uring manggagawa, kung saan ang kakarampot na mga kapitalista ang humahawak sa masang manggagawa. Walang ni isang rebolusyonyong o isang Marxista sa mga nagpahayag ngayon ng pagkamuhî laban sa diktadurya at nagtataguyod ng demokrasya ang hindi sumusumpa ng buong lakas at taimtim sa mga manggagawa na kinikilala niya ang batayang katotohanang ito ng sosyalismo; pero sa ngayon, kung saan ang mga pagtutuligsa at pagkilos ay nag-uumpisa na sa hanay ng rebolusyonyong proletaryo, na naglalayong buwagin ito at lumalaban para sa diktadurya ng proletaryo, itong mga traydor sa sosyalismo ay pinipresenta ang usapin na para bang nagbigay ang burgesya ng regalo ng “purong demokrasya” sa mga manggagawa, na para bang tinatakwil ng burgesya ang paglaban nito at handang magpailalim sa mayorya ng manggagawa, na para bang sa demokratikong republika ay walang galamay ng Estado para sa pang-aapi ng kapital sa paggawa.

5. Ang Komyun ng Paris, kung saan ang sinumang nais mahirang na isang sosyalista ay bukambibig ito, dahil alam nilang ang masang manggagawa ay may malaki at wagas na simpatiya dito, ay malinaw na nagpapatunay sa makasaysayang kondisyon at limitadong kahalagahan ng burgis na parlyamentarismo at burgis na demokrasya, na mga progresibong institusyon kung ihahambing sa sinaunang panahon, pero nang pagdating sa yugto ng proletaryong rebolusyon ay kinakailangang baguhin mula sa ibaba pataas. Si Marx mismo, ang naglagay ng pinakamataas na halaga sa makasaysayang kahalagahan ng Komyun, na sa kanyang pag-aanalisa dito ay naglantad sa mapagsamantalang katangian ng burgis na demokrasya at burgis na parlyamentarismo, na kung saan ang inaaping uri ay binibigyan ng karapatan, minsan sa loob ng ilang taon, na mamili kung sinong kagawad ng naghaharing uri ang kakatawan at tatraydor sa sambayanan sa loob ng Parlyamento. Sa ngayon na lang, kung saan ang kilusang Sobyet na umagaw sa buong daigdig ay nagsusulong ng adhikain ng Komyun, na ang mga traydor sa sosyalismo ay nakalimot na sa mga praktikal na karanasan at sa mga kongkretong aral ng Komyun ng Paris at inuulit-ulit ang lumang burgis na basura tungkol sa “demokrasya sa pangkalahatan”. Ang Komyun ay hindi isang institusyong parlyamento.

6. Ang kahalagahan ng Komyun ay kinabibilangan pa nito, na gumawa ito ng pagsisikap na buwagin at bunutin ang burgis na makinarya ng Estado, ang galamay ng mga kagawad, hukuman, hukbo, at pulisya, at palitan ito ng nagsasariling nangangasiwang

samahang masa ng manggagawa na hindi hiniwalay ang mga lehislalibong kapangyarihan. Ang lahat ng mga burgis na demokratikong republika ng ating panahon, kabilang na ang Aleman, na kung saan ang mga traydor sa sosyalismo, na gumawa ng paglapastangan sa katotohanan, ay tinatagurian ito na proletaryo, ay pinapanatili ang burgis na galamay ng Estado. Ito'y muling patunay, na malinaw at walang pagkakamali, na ang hiyaw sa pagtatanggol sa "demokrasya" ay walang iba kundi ang pagtatanggol sa burgesya at sa kanilang mga pribilihiyo sa pagsasamantala.

7. Ang "kalayaan sa pagtitipon" ay maaaring gamitin bilang halimbawa ng demanda para sa "purong demokrasya". Bawat mulat-sa-uri na manggagawa na hindi humihiwalay sa kanyang uri ay makaintindi kaagad na isang pagpapatiwakal ang pangakuan ang mga mapagsamantala ng kalayaan sa pagtitipon sa mga panahon at kalagayang nanlaban sila sa kanilang pagkabagsak at nagtatanggol sa kanilang mga pribilihiyo. Maging sa Inglatera noong 1649, o sa Pransya noong 1793, ay hindi gumagarantiya ang rebolusyong burgesya ng kalayaan sa pagtitipon sa mga maharlika at nobilidad nang ang mga ito ay nagpatawag ng mga dayuhang sundalo papunta sa kanilang bansa at "nagtipon" upang mag-organisa ng pagtatangka sa panunumbalik. Kung ang burgesya sa kasalukuyan, na matagal nang naging reaksyonaryo, ay magdedemanda na ang proletaryo ay gagarantiya bago pa man na ang "kalayaan sa pagtitipon" ay maibigay sa mga mapagsamantala sa kabila nang mga paglabang ginawa ng mga kapitalista sa pangangamkam laban sa kanila, ang mga manggagawa ay matatawa lamang sa burgis na ipokrasyang ito. Sa kabilang banda ay alam na ng mga manggagawa na kahit sa pinaka-demokratikong burgis na republika ang "kalayaan sa pagtitipon" ay hungkag na kataga, dahil ang mga mayayaman ay may mga pampubliko at pribadong gusaling nasa kanilang kontrol, mayroon ding labis na panahon para sa mga pagtitipon, at nagtatamasa sa proteksyon ng burgis na galamay ng kapangyarihan. Ang proletaryo sa kabisera at kanayunan, pati ang mga maliliit na magsasaka, na siyang pinakamalaking mayorya sa populasyon, ay wala kahit sa una, sa pangalawa o pangatlo. Habang ito ay totoo, ang "pagkapantay-pantay", ibig sabihin, "ang purong demokrasya", ay isang panlililang. Para manalo ng tunay na pagkakapantay-pantay, para makamit ang makatotohanang demokrasya para sa mga manggagawa, ang mga mapagsamantala ay kailangan munang pagkaitan ng lahat ng mga pampubliko at pribadong mansiyon, ang mga manggagawa ay kailangang mabigyan ng libangan at nang kanilang kalayaan sa pagtitipon na ipinagtanggol ng mga armadong manggagawa at hindi ng mga anak ng nobilidad o mga opisyaes na galing sa mga kapitalistang sirkulo na siyang may kumand sa takot na mga tagasunod.

Pagkatapos lamang ng mga pagbabagong ito ay maaari nang magsalita ng "kalayaan sa pagtitipon", ng pagkakapantay-pantay, nang hindi nangungutya sa mga manggagawa, sa masang anak-pawis, sa mahihirap. Subalit walang sinumang makakagawa ng pagbabagong ito maliban sa abanteng destakamento ng masang anak-pawis, ang proletaryo, sa pamamagitan ng pagpapatalik sa mga mapagsamantala, ang burgesya.

8. Ang "kalayaan sa prensa" ay isa ring nangungunang kataga ng "purong demokrasya". Subalit alam ng mga manggagawa, at ito'y inaamin ng ilang milyong ulit ng mga sosyalista sa lahat ng bansa, na ang kalayaang ito ay mapanlililang habang ang pinakamagalang na paglilimbag at ang pinakamalaking pondo ng papel ay nasa kamay ng mga kapitalista, at habang ang kapital ay nanatiling siyang may kapangyarihan sa prensa, kapangyarihan na sa buong daigdig ay mas malinaw, matingkad at nagdududang naipahayag, mas umunlad ang demokrasya at ang republikang rehimen, halimbawa na nito ang Amerika. Para manalo ng tunay na pagkakapantay-pantay at demokrasya para sa masang anak-pawis, para sa mga manggagawa at magsasaka, kinakailangan munang pagkaitan ang mga kapitalista ng pagkakataong makakuha ng mga manunulat na pagsisilbi sa kanila, na makakabili ng mga bahay-limbagan at pagsusuburno sa mga pahayagan. At para dito kinakailangang iwaksi ang yugo ng kapital, patalsikin ang mga mapagsamantala at gapiin ang kanilang paglaban. Ang mga kapitalista ay palaging nagbibigay sa pangalan ng kalayaan na kalayaan ng mga mayayaman na magkamal ng ganansya at kalayaan ng mahihirap na mamatay sa

gutom. Binigyan ng mga kapitalista ang pangalan ng kalayaan sa prensa na kalayaan ng mga mayayaman na magsuburno sa prensa, sa kalayaang gumamit ng yaman upang gumawa at magbaluktot ng tinatawag na opinyong publiko. Ang mga tagapagtanggol ng "purong demokrasya" ay muling inilantad ang mga sarili bilang mga tagapagtanggol ng marumi at korap na sistema ng paghahari ng mga mayayaman sa kagamitan sa pangmasang edukasyon, bilang mga manlililang sa mamamayan na sa pamamagitan ng pinong pakinggan subalit puro mga maling pananalita ay pumipigil sa huli mula sa kongkreto at makasaysayang gawaing pagpapalaya sa prensa mula sa kapital. Ang tunay na kalayaan at pagkapantay-pantay ay matatagpuan sa sistemang ipinupundar ng mga komunista, na kung saan walang pagkakataong yumaman nang dahil sa kahirapan ng iba, walang obhetibong pagkakataong isasalim ang prensa, direkta o di-direkta, sa kapangyarihan ng salapi, kung saan walang makakahadlang sa mga manggagawa (o kahit na anong malalaking grupo ng mga manggagawa) na magkaroon at gumamit ng pantay na karapatan sa paggamit sa mga prensa at papel na pagmamay-ari ng lipunan.

9. Ang kasaysayan ng ika-19 at ika-20 siglo ay nagpapakita sa atin, kahit bago pa man ang digmaan, kung ano ang ibig sabihin nitong punong-puno ng papuring "purong" demokrasya sa ilalim ng kapitalismo. Palaging pinanindigan ng mga marxista na habang mas lalong umunlad, mas naging "puro" ang demokrasya, habang mas lalong naging hayag, matingkad at marahas ang makauring pakikibaka, ay mas lalong naging malinaw na nakikita ang pang-aapi ng kapital at ang diktadurya ng burgesya. Ang kaganapang Dreyfus sa republikang Pransya, ang mga madugong sagupaan sa pagitan ng mga nagwewelgang manggagawa at ng mga mersenaryong inaarmasan ng mga kapitalista sa malaya at demokratikong republika ng Amerika, ang mga ito at ang ilang libong kahalintulad ng mga nagaganap ang nagpapakita sa katotohanang pilit ngunit bigong maitatago ng burgesya, na sa realidad ang pananakot at ang diktaduryang burgis ang naghahari sa pinaka-demokratikong republika, at ang mga ito'y hayagang lumalabas kung sa tingin ng mga mapagsamantala ay nasa panganib ang kapangyarihan ng kapital.

10. Ang imperyalistang digmaan ng 1914-18 ay naglantad sa tunay na katangian ng demokrasyang burgis, kahit sa mga pinaka-atrasadong manggagawa, kahit sa mga pinakamalayang republika, na isang diktadurya ng burgesya. Upang pagyamanin ang grupo ng mga milyonaryo at biyonaryong Aleman at Inglis, ilang milyong katao ang namatay at ang diktaduryang militar ay ipinundar sa mga pinakamalayang republika. Ang diktaduryang militar na ito ay nagpapatuloy sa mga bansang Entente kahit matapos matalo ang Alemanya. Ang digmaan, higit sa lahat, ang nagbukas sa mga mata ng masang manggagawa, pumunit sa maling hibla mula sa demokrasyang burgis, at naglantad sa sangkatauhan sa buong balon ng ispekulasyon at pagka-ganid sa ganansya sa panahon ng digmaan at sa may kaugnayan sa digmaan. Ininusulong ng burgesya ang digmaang ito sa ngalan ng kalayaan at pagkapantay-pantay; sa ngalan ng kalayaan at pagkapantay-pantay ang mga kontraktor ng digmaan ay malakihang nagpalago ng kanilang yaman. Walang anumang pagsisikap ang Yellow Berne International na magtatagumpay na itago sa masa ang mapagsamantalang katangian ng burgis na kalayaan, burgis na pagkapantay-pantay, at burgis na demokrasya, na ngayo'y lubusan nang nalalantad.

11. Sa mga bansa ng Uropa kung saan ang kapitalismo ay pinakamaunlad, at ito'y sa Alemanya, ang unang mga buwan ng lubos na republikang kalayaan na kasunod ng pagbagsak ng imperyalistang Aleman, ay nagpakita sa manggagawang Aleman at sa buong daigdig sa tunay na makauring nilalaman ng burgis na demokratikong republika. Ang pagpaslang kina Karl Liebknecht at Rosa Luxemburg ay isang kaganapang may pandaigdigang at makasaysayang kabuluhan hindi lamang dahil ang pinakamahusay na mga tao at pangulo ng isang tunay na proletaryong komunistang internasyunal ay nakapanlulumong nasawi, kundi dahil ito rin ay naglantad sa makauring katangian ng nangungunang estado sa Uropa, na maaring sabihin ng walang pagmamalabis, ng nangungunang estado sa buong daigdig. Kung ang mga bilango, yaong mga taong isinasailalim sa proteksyon ng kapangyarihang Estado, ay maaaring paslangin ng walang pakundangan ng mga opisyal at kapitalista sa ilalim ng gobyerno

ng mga sosyal-patriyotiko, ang demokratikong republika kung saan ito'y maaaring maganap ay isang diktadurya ng burgesya. Yaong mga nagpahayag ng pagkamuhit na pagpaslang kina Karl Liebknecht at Rosa Luxemburg ngunit hindi nakakaintindi sa katotohanang ito ay nagpapakita lamang sa kanilang katangahan o sa kanilang pagka-ipokrito. Sa isa sa pinakamalaya at pinakaabanteng republika sa buong daigdig, ang republikang Aleman, may kalayaang patayin ang mga nakakulong na lider at hindi napaparusahan. Hindi ito mababago habang nananatili ang kapitalismo, dahil ang pag-unlad ng demokrasya ay hindi nagpapurok kundi nagpatalas sa makauring pakikibaka, na sa ngayon, bilang resulta ng digmaan at sa mga epekto nito, ay umabot na sa antas ng pagkulo.

Sa buong sibilisadong daigdig ang mga Bolsheviks ay dinidistiyero, inuusig at kinukulong; sa Switzerland, isa sa mga pinakamalayang burgis na republika, at sa Amerika, may mga pogroms laban sa Bolsheviks. Sa paninindigan ng "demokrasya sa kabuuan", o sa "purong demokrasya", ito'y isang simpleng katawa-tawa na ang mga progresibo, sibilisado, demokratikong bansa, lubos na armado, ay matatakot sa presensya ng ilang dosenang tao mula sa atrasado, gutom at wasak na Rusya, kinikilala bilang mga mababangis at mga kriminal sa milyong-milyong kopya ng burgis na pahayagan. Ito'y malinaw na ang isang panlipunang sistemang nagpapalitaw sa ganitong kontradiksyon sa totoo ay diktadurya ng burgesya.

12. Sa ganitong kalagayan ang diktadurya ng proletaryo ay hindi lamang ganap na nabigyang katarungan, bilang paraan ng paggapi sa mga mapagsamantala at pagsupil sa kanilang pag-aalsa, kundi ito'y mas mahalaga sa masang manggagawa bilang kanilang tanging proteksyon laban sa burgis na diktaduryang tumungo sa digmaan at naghahanda para sa mga panibagong digmaan.

Ang tanging bagay na hindi naintindihan ng mga sosyalista, isang kabiguang sumasalamin sa kanilang makitid na kaalaman, sa kanilang pagkahumaling sa mga burgis na pananaw, sa kanilang politikal na pagtraydor sa proletaryo, na sa kapitalistang lipunan, sa panahong ang makauring pakikibaka, kung saan ito'y nakatungtong, ay mas umiigting, walang sinuman sa pagitan ng diktadurya ng burgesya at sa diktadurya ng proletaryo. Ang panaginip na mayroon pang ibang pangatlong paraan ay isang reaksyunaryong panaghoy ng mga petiburgis. Ang katibayan nito ay makikita sa naging karanasan sa ilang daang taon ng burgis na demokrasya at ng kilusang manggagawa sa lahat ng mga abanteng bansa, at sa partikular ang karanasan ng nakaraang limang taon. Pareho ring katibayan ang ipinapakita ng pang-ekonomiyang teorya, ng buong laman ng Marxismo, na nag-aanalisa sa pang-ekonomiyang pangangailangan ng burgis na diktadurya sa bawat ekomiyang pangkalakal, isang diktaduryang maaring ibagsak ng isang uri, na sa pag-unlad ng kapitalismo ay umusbong at umunlad, naging organisado at makapangyarihan, ang uri ng mga proletaryo.

13. Ang pangalawang teoritikal at pampulitikang kamalian ng mga sosyalista ay ang kanilang kawalan ng pag-intindi na ang mga anyo ng demokrasya ay di maiiwasang nagbago sa nagdaang mga siglo mula nang ito'y lumitaw sa Antigong Panahon, na ang isang naghaharing uri ay nagbigay daan sa iba. Sa mga republika ng Antigong Greece, sa mga syudad ng panahong medyibal, sa mga abanteng kapitalistang Estado, ang demokrasya ay may iba't-ibang anyo at nasasakopan. Isang malaking kabulastugan ang maniwala na ang pinakamahalagang rebolusyon sa kasaysayan ng sangkatauhan, ang unang paglipat ng kapangyarihan mula sa kamay ng mapagsamantalang minorya patungo sa pinagsasamantalang mayorya, ay magaganap sa estruktura ng lumang burgis na parlyamentong demokrasya, na walang malaking pagbabago, na walang pagbubuo ng mga bagong anyo ng demokrasya, bagong institusyon, bagong kalagayan para sa kanilang gamit, atbp.

14. Ang diktadurya ng proletaryo ay katulad ng diktadurya ng ibang mga uri na, tulad ng ibang diktadurya, nagmula sa pangangailangang supilin sa pamamagitan ng dahas ang paglaban ng isang uring nawalan na ng pampulitikang kapangyarihan. Ang pundamental na pagkakaiba sa pagitan ng diktadurya ng proletaryo at sa diktadurya ng ibang mga uri, ang mga malalaking panginoong maylupa ng Middle Ages at ang burgesya sa lahat ng

sibilisadong kapitalistang bansa, ay naglalaman nito, na habang ang diktadurya ng mga malalaking panginoong maylupa at ng burgesya ay marahas na sinusupil ang himagsik ng malaking mayorya ng populasyon, ang masang manggagawa, ang diktadurya ng proletaryo naman ay ang marahas na pagsupil sa paglaban ng mga mapagsamantala, ang minorya ng populasyon, ang malalaking panginoong maylupa at mga kapitalista.

Mula dito ay dapat din na ang diktadurya ng proletaryo ay magkaroon hindi lamang ng pagbabago sa mga anyo at institusyon ng demokrasya, kundi ng isang natatanging pagbabago na magresulta sa paglawak ng aktwal na mga demokratikong pagpapatupad, sa lawak na kailanma'y hindi pa naging bantog sa buong mundo, sa uring manggagawa na inaalipin ng kapitalismo.

At kung tutuusin ang mga anyong ginagamit ng diktadurya ng proletaryo, na kasalukuyan nang pinanday, ang kapangyarihang Sobyet sa Rusya, ang mga konseho ng manggagawa sa Alemanya, ang mga komite ng shop stewards sa Britanya at sa kahalintulad na mga institusyong Sobyet sa ibang bansa, lahat ng mga ito ang bumubuo na maging totoo ang mga demokratikong karapatan at pribilihiyo para sa uring manggagawa, para sa malaking mayorya ng populasyon; na ibig sabihin nito ay nagiging posible na ang pagsasabuhay ng mga karapatan at pribilihiyong ito sa paraan at lawak na kailanma'y hindi naging posible sa mga pinaka-demokratikong burgis na republika.

Ang esensya ng kapangyarihang Sobyet ay nakabatay sa ganito, na ang permanente at tanging pundasyon ng buong kapangyarihang Sobyet, sa buong aparato ng Estado, ay ang organisasyong masa ng mismong mga uri na inaapi ng mga kapitalista, ang mga manggagawa at mala-manggagawa (mga magsasakang hindi nagsasamantala sa paggawa at palaging napilitang magbenta kahit bahagi ng kanilang paggawa). Ang masa, na kahit sa pinaka-demokratikong burgis na republika, na kung saan sa batas ay may pantay na mga karapatan, ngunit sinasagkaan ng ilang libong paraan at panlilinlang na sumali sa pampulitikang buhay at isabuhay ang mga demokratikong karapatan at kalayaan, ay kasalukuyang nahihila sa tuloy-tuloy, walang sagka at mapagpasyang partisipasyon sa demokratikong pamamahala sa Estado.

15. Ang pagkapantay-pantay ng mga mamamayan, kahit anumang kasarian, pananampalataya, lahi, nasyunalidad, na kung saan ang burgis na demokrasya ay palaging nangangako sa lahat ng sulok ngunit hindi naman natutupad, at hindi nito maaaring ipatupad dahil ang papel ng kapitalismo, na ginawang isang lubos na realidad sa isang bigwas ng rehimeng Soviet, o ng proletaryong diktadurya, dahil tanging ang kapangyarihan ng mga manggagawa, na hindi interesado sa pribadong pagmamayari ng kagamitan ng produksyon at sa pakikipagtunggali para sa kanilang pamamahagi at muling pamamahagi, ang maaaring makagawa nito.

16. Ang lumang demokrasya, ang burgis na demokrasya at parlyamentarismo, ay napaka-organisado na kung saan ang uring manggagawa ay ang pinaka taga-labas sa makinarya ng pamamahala. Ang kapangyarihang Sobyet, ang proletaryong diktadurya, sa kabilang banda, ay napaka-organisado kung saan hinihila nito ang masang manggagawa papalapit sa makinarya ng pamamahala. Ang pagsasanib ng lehislato at ehekutibong kapangyarihan sa organisasyong Sobyet ng Estado ay nagsisilbi rin sa parehong layunin, tulad ng pagpapalit sa yunit ng produksyon, sa pagawaan, ng isang pamamahalang teritoryal.

17. Ang hukbo ay isang kasangkapan para sa pang-aapi hindi lamang sa ilalim ng monarkiya; ganito rin ito sa lahat ng burgis na republika, kahit sa pinaka-demokratiko. Tanging ang kapangyarihang Sobyet, bilang tanging naitayong organisasyong Estado ng mismong mga uring inaapi ng mga kapitalista, ang nasa posisyong lusawin ang pagpapailalim ng militar sa burgis na kumand at toohanang isanib ang proletaryo sa militar, na arman ang proletaryo at disarmahan ang burgesya, na kung wala nito ang tagumpay ng sosyalismo ay imposible.

18. Ang organisasyong Sobyet ng Estado ay dinedesinyo upang bigyan ang proletaryo, bilang isang uri na pinaka-konsentrado at edukado ng kapitalismo, ng nangungunang papel sa Estado. Ang karanasan ng lahat ng rebolusyon at ng lahat ng kilusan ng mga

inaaliping uri, ang karanasan ng pandaigdigang sosyalistang kilusan, ay nagtuturo sa atin na tanging ang proletaryo ang nasa posisyong pagkaisahin ang kalat-kalat at atrasadong saray ng manggagawa at inaaping populasyon at dalhin at pamunuan sila.

19. Tanging ang organisasyong Sobyet ng Estado ang nagpabagsak, sa isang bigwas at lubos, sa luma, ibig sabihin, ang burgis na aparatus ng burukrasya at hukuman, na sa ilalim ng kapitalismo, kahit sa pinaka-demokratikong republika, nananatili at kailangang manatili, na para sa mga manggagawa at sa masang anak-pawis ay isang malaking hadlang upang maging epektibo ang demokrasya. Ang Komyun ng Paris ang gumawa ng unang pandaigdigang at makasaysayang hakbang sa ganitong direksyon, ang rehimeng Sobyet ang pangalawa.

20. Ang pagpawi ng kapangyarihang Estado ay ang layuning ng lahat ng sosyalista, kabilang at higit sa lahat si Marx. Kung ang layuning ito ay hindi makamit, ang tunay na demokrasya, ang pagkapantay-pantay at kalayaan, ay hindi makakamit. Subalit tanging ang Sobyet at proletaryong demokrasya ang tutungo sa layuning ito, dahil inuumpisahan kaagad nito ang paghahanda para sa lubusang pagpawi ng anumang anyo ng Estado sa pamamagitan ng paghatak sa mga organisasyon ng masang anakpawis papunta sa tuloy-tuloy at walang sagkang partisipasyon sa pamamahalang Estado.

21. Ang lubusang pagkabangkarote ng mga sosyalistang nagtitipon sa Berne, ang lubos na kawalan ng pag-unawa na kanilang ipinapakita sa bagong proletaryong demokrasya, ay malinaw na makikita sa mga sumusunod. Noong ika-10 ng Pebrero 1919 dinideklara ni Branting na ang internasyunal na kumperensya ng Yellow International sa Berne ay tapos na. Noong ika-11 ng Pebrero 1919 ang mga kasapi nito sa Berlin ay nagpahayag ng isang apela ng mga “Independents” sa proletaryo sa pahayagang Freiheit. Sa apelang ito ang burgis na katangian ng Scheidemann ay tinanggap. Binatikos ang huli dahil sa kagustohan nitong lusawin ang mga konseho ng manggagawa, na tinaguriang “tagadala at tagapagtanggol” ng rebolusyon, at inihapag ang mungkahing gawing legal ang mga konseho, na bigyan sila ng mga karapatang ayon sa batas, at bigyan din sila ng karapatang isantabi ang anumang desisyon ng Pambansang Asembliya at ipasa ang ito sa isang pambansang reperendum.

Ang nasabing mungkahi ay nagsasalamin sa lubusang pagkabangkaroteng intelektwal ng mga teoritisyang nagtatanggol sa demokrasya ngunit hindi nakaunawa sa burgis na katangian nito. Ang katawa-tawang pagtatangkang ito na pagkaisahin ang sistema ng mga konseho, ang proletaryong diktadurya, at ng Pambansang Asembliya, ang diktadurya ng burgesya, ay lubusang naglalantad sa kasalatan sa pag-iisip ng mga sosyalistang dilaw at ng mga sosyal-demokrata, at ng kanilang peti-burgis na patakaran, gayon man sa kanilang duwag na konsesyon sa hindi mapigilang lumalagong pwersa ng bagong proletaryong demokrasya.

Ang mayorya ng Yellow International sa Berne, na kumukondena sa Bolshevismo ngunit hindi nangahas, sa takot sa masang anakpawis, na pormal na bumoto sa resolusyon sa ganung linya, ay gumalaw ng tama ayon sa makauring paninindigan. Ang mayoryang ito ay lubusang nakikiisa sa mga Rusong Menshevik at sa mga Sosyal-Rebolusyonaryo at ganun din sa mga Scheidemann sa Alemanya. Ang mga Rusong Menshevik at mga Sosyal-Rebolusyonaryo, na nagrereklamo sa pag-uusig ng mga Bolshevik, ay pilit itinatago ang katotohanan na ang pag-uusig na ito ay dahil sa kanilang pagsali sa digmaang sibil na kakampi ng burgesya laban sa proletaryo. Sa ganito ring paraan na ang mga Scheidemann at ang kanilang partido sa Alemanya ay sumali sa digmaang sibil na kakampi ng burgesya laban sa mga manggagawa.

Kaya't natural lamang na ang mayorya ng mga dumalo sa Yellow International sa Berne ay lumabas na sang-ayon sa pagkondena sa mga Bolshevik. Ngunit ito'y hindi kumakatawan ng pagtatanggol sa “purong demokrasya”; ito'y isang pagtatanggol sa sarili ng mga taong nakaramdam na sa digmaang sibil sila ay nasa tabi ng burgesya laban sa proletaryo.

Sa ganitong mga kadahilanan, ang kapasyahan ng mayorya ng Yellow International ay kailangang ihayag na tama sa punto

ng makauring pananaw. Subali't ang proletaryo ay hindi dapat matakot sa katotohanan, kundi tingnan ito ng matuwid sa mukha at hugutin ang mga pampulitikang kongklusyon mula dito.

Batay sa mga tesis na ito at matapos marinig ang mga ulat ng mga delegado mula sa iba't-ibang bansa, ang kongreso ng Komunistang Internasyunal ay nagpahayag na ang sentrong tungkulin ng mga partidong komunista sa mga bansang hindi pa naitatag ang kapangyarihang Sobyet ay ang:

- Magpaliwanag sa malawak na masa ng uring manggagawa sa makasaysayang kahulugan ng pampulitika at praktikal na pangangailangan ng bagong proletaryong demokrasya na siyang papalit sa burgis na demokrasya at parlyamentarismo.
- Magpalawak at magtayo ng mga konseho ng manggagawa sa lahat ng sangay ng industriya, sa hukbo at hukbong-dagat, at sa mga manggagawa sa agrikultura at mga maliliit na magsasaka.
- Magpanalo ng seguro at mulat na komunistang mayorya sa mga konseho. #

Ika-18 Kongreso ng IKT: Resolusyon sa Internasyunal na Sitwasyon

1) Noong Marso 1991, matapos bumagsak ang bloke ng Silangan at ang tagumpay ng Koalisyon sa Iraq, dineklara ni Presidente George Bush Senior sa Kongreso ng Amerika ang pagsilang ng “Bagong Kaayusan sa Mundo” batay sa paggalang sa internasyunal na batas. Ito bagong kaayusan ang magbibigay ng kapayapaan at kasaganaan sa planeta. Ang “pagbagsak ng komunismo” ay nagkahulugan ng tiyak na panalo ng liberal-kapitalismo. Ilang tao, tulad ng “pilosopong” si Francis Fukuyama, ay nagpahayag ng prediksyon ng “kataposan ng kasaysayan”. Pero hindi nagtagal pinakita ng kasaysayan, iyong tunay at hindi ang pampropagandang bersyon, na ang hungkag na mga deklarasyong ito ay katawa-tawa. Sa halip na kapayapaan, ang taong 1991 ay naging simula ng digmaan sa dating Yugoslavia, na nag-iwan ng daan-daang libong patay sa mismong pusod ng Uropa, ang kontinenteng hindi naapektohan ng malagim na digmaan sa loob ng halos kalahating siglo. Kahalintulad, ang resesyon sa 1993, pagkatapos ang pagbagsak ng mga “tigre” at “dragon” sa Asya sa 1997, pagkatapos ang resesyon sa 2002, na nagwakas sa bula ng Internet, ang nagpamalal na mga ilusyon ang kasaganaang dineklara ni Bush Senior. Pero tipikal sa burgesya na kalimutan ngayon ang sinabi nito kahapon. Sa pagitan ng 2003 at 2007 ang opsiyal na mga pahayag ng pangunahing mga sektor ng burgesya ay nagkaroon ulit ng masayang tono, pinagbunyi ang tagumpay ng “modelong Anglo-Saxon” na nagbigay ng malaking tubo, malaking tantos ng paglago at maging ng signipikanteng pagbaba ng kawalan ng trabaho. Walang pagsisidlan sa mga awit ng pagsamba sa “ekonomiyang liberal” at sa mga benepisyo ng “deregulasyon”. Subalit sa kalagitnaan ng 2007 at higit sa lahat mula sa kalagitnaan ng 2008 natunaw ang optimismong ito tulad ng bolang yelo sa ilalim ng araw. Bigla na lang, ang mga salita at kataga tulad ng “kasaganaan”, “paglago”, “tagumpay ng liberalismo” ay patagong binitawan. Sa engrandeng bangkete ng kapitalistang ekonomiya ay may nakaupo ngayong isang bisita na akala nila ay tuluyan ng naglaho: ang krisis, ang multo ng bagong napakalaking depresyon na maikumpara sa 1930s.

2) Sa mga salita ng pinaka-responsableng mga representante ng burgesya, sa lahat ng mga ekonomistang espesyalista, kabilang na ang mga sagad-saring tagasuporta ng kapitalismo, ang

kasalukuyang krisis ay ang pinaka-seryoso na dinaanan ng sistema magmula noong bantog na depresyon na nagsimula sa 1929. Ayon sa OECD, *“Ang pandaigdigang ekonomiya ay nasa gitna ng kanyang pinakamalalim at pinaka-sinkronisadong resesyon sa buong buhay nito”*. [1] Ang ilan ay walang pag-aalinlangang nagsabi na mas seryoso pa ito kaysa dati, nagsabing ang dahilan bakit ang kanyang epekto ay hindi kasing mapanira sa 1930s ay sa panahong iyon, ang mga lider ng mundo, pinatibay ng karanasan, ay natuto ng harapin ang ganitong klase ng sitwasyon, laluna ang pag-iwas na madaliin ang “bawat isa para sa kanyang sarili”: *“Habang ang ilan ay nagsabing ang malalang pagbulusok-pababa ay isang ‘bantog na resesyon’, mananatili itong malayo na maulit ang ‘Bantog na Depresyon’ sa 1930s, salamat sa kalidad at intensidad ng mga polisiya ng gobyerno na kasalukuyang pinapatupad. Pinalalim ang Bantog na Depresyon sa teribleng mga pagkakamali sa polisiya, mula sa magkasalungat na polisiya sa pera hanggang sa polisiyang gawing pulubi ang karatig-bansa sa porma ng proteksyunismo ng industriya at kompetisyon sa debalwasyon. Kabaliktaran, ang resesyong ito ang nagbigay ng tamang polisiya.”* [2]

Subalit, kahit na tinaggap ng lahat ng sektor ng burgesya ang bigat ng kasalukuyang kombulsyon ng kapitalistang ekonomiya, ang mga paliwanag na binigay nila, sa kabila na laging magkaiba ang pananaw nila sa isa’t-isa, ay malinaw na walang kapasidad na unawain ang tunay na kabuluhan ng mga kombulsyong ito at ang perspektibang dineklara nila sa buong lipunan. Para sa iilan, ang responsable sa malalang kahirapan ng kapitalismo ay ang “kabaliwang pinansyal”, katunayan magmula 2000s nakita natin ang paglago ng buong serye ng “nakalalasang produktong pinansyal” na siyang dahilan ng pagsabog ng utang na walang garantiyang mabayaran. Ang iba naman ay nagsabing ang kapitalismo ay dumaranas ng labis na “deregulasyon” sa pandaigdigang saklaw, ang oryentasyon na nasa bag-as ng “Reaganomics” na siyang pinatupad simula 1980s. Pero ang iba, sa partikular ang mga representante ng kaliwa ng kapital, ay kinukonsidera na ang dahilan ng krisis ay hindi sapat ang kita mula sa sahod, na siyang pumilit sa mga manggagawa na umutang para sa kanilang batayang pangangailangan. Pero anumang kanilang pagkakaiba, ang katangian ng lahat ng mga interpretasyong ito ay kinikilala nila na hindi ang kapitalismo bilang moda ng produksyon ang may sala, kundi ang ganito o ganung porma ng sistema. At dahil sa ganitong pananaw hindi nasisid ng mga interpretasyong ito ang tunay na ugat ng kasalukuyang krisis.

3) Katunayan, tanging ang pandaigdigang at istorikong pananaw sa kapitalistang moda ng produksyon ang makapagbigay linaw sa atin para maunawaan ang kasalukuyang krisis at ang perspektiba mula dito. Ngayon, at ito ang tinatago ng lahat ng mga ekonomistang “espesyalista”, lumantad na ang realidad ng mga kontradiksyon na bumabay sa kapitalismo: ang krisis sa sobrang produksyon, ang kawalan ng kapasidad ng sistema na ibenta ang mga kalakal na nilikha nito. Hindi ito sobrang produksyon kaugnay sa tunay na pangangailangan ng sangkatauhan, na napakalayo pang makamit, kundi sobrang produksyon kaugnay sa makayanang pangangailangan, pangangailangan na nakasandal sa kapasidad magbayad. Ang opisyal na mga pahayag, tulad ng mga solusyong pinatupad ng halos lahat ng mga gobyerno, ay nakapokus sa krisis pinansyal, sa kapalpakan ng mga bangko, pero ang realidad, ang tinatawag ng mga komentarista na “tunay na ekonomiya” (salungat sa “di-tunay na ekonomiya”) ay nasa proseso na pinapakita ang katotohanang ito: walang araw na walang pahayag ng pagsara ng kompanya, malawakang tanggapan at pagkalugi ng mga industriya. Ang katotohanan na ang General Motors, na sa ilang dekada ay ang pinakamalaking kompanya sa mundo, ay humihinga lamang,

salamat sa malawakang suporta ng estado ng Amerika, habang ang Chrysler ay hayagang nagdeklara ng pagkalugi at pumailalim sa kontrol ng Italyanong kompanyang FIAT, ay signipikanteng senyales ng lalim ng problema ng kapitalistang ekonomiya. Kahalintulad, ang pagbagsak ng pandaigdigang kalakalan, kauna-unahan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na tinasa ng OECD na nasa -13.2% para sa 2009, ay nagpakita ng kahirapan ng mga kompanyang makakita ng mga bibili ng kanilang produkto.

Ang krisis sa sobrang produksyon, na malinaw ngayon, ay hindi simpleng epekto ng krisis pinansyal gaya ng nais ipaniwala sa atin ng halos lahat ng mga “eksperto”. Ito ay nasa loob mismo ng mekanismo ng kapitalistang ekonomiya, gaya ng pinakita ng marxismo sa loob isang siglo at kalahati. Habang sinasakop pa ng sentral na kapitalistang mga bansa ang mundo, ang mga bagong merkado na nakukuha sa paraang ito ay temporaryong nagbigay solusyon sa krisis ng sobrang produksyon. Nang makompleto na ang pananakop na ito, sa simula ng 20 siglo, ang mga sentral na kapitalistang bansang ito, partikular ang huling dumating sa panahon ng kolonisasyon, Alemanya, ay walang ibang paraan kundi atakehin ang teritoryo ng ibang kapangyarihan, na nagtulak sa Unang Pandaigdigang Digmaan kahit hindi pa lubusang nagpakita ang krisis sa sobrang produksyon. Ang huli ay malinaw na nakita sa pagbagsak sa 1929 at ang bantog na depresyon sa 1930s, na nagtulak sa pangunahing kapitalistang mga bansa tungo sa militarismo at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na tinalo ang una sa usapin ng mga masaker at barbarismo. Lahat ng mga solusyon ng malalaking kapangyarihan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa partikular ang organisasyon ng pangunahing mga bahagi ng kapitalistang ekonomiya, sa erya ng pera (Bretton Woods) at sa pagpatupad ng mga polisiyang neo-Keynesian, kabilang na ang mga positibong epekto ng dekolonisasyon sa usapin ng pamilihan, ay siyang dahilan na nagawa ng kapitalismo sa loob ng halos tatlong dekada na isaboy ang ilusyon na sa wakas ay nasolusyonan na nito ang kanyang mga kontradiksyon. Pero ang ilusyong ito ay dumanas ng matinding dagok noong 1974 ng pumutok ang marahas na resesyon, laluna sa pangunahing ekonomiya ng mundo. Ang resesyong ito ay hindi ang simula ng kahirapang dinaranas ng kapitalismo dahil lumitaw ito matapos yaong sa 1967 at ang sunod-sunod na krisis sa pound at dolyar, ang dalawang susi sa internasyunal na pera ng sistemang Bretton Woods. Katunayan, sa kataposan ng 1960s nalantad na ang neo-Keynesianismo ay nasa kanyang istorikal na pagkabangkarota, punto na binigyang diin ng mga grupong nagtayo ng IKT. Para sa lahat na burges na komentarista at para sa mayorya ng uring manggagawa, ang taong 1974 ang nagmarka ng simula ng bagong yugto ng buhay ng kapitalismo matapos ang digmaan, laluna ang muling paglitaw ng isang penomenon na pinaniwalaan ng marami na lubusan ng naglaho sa maunlad na mga bansa: malawakang kawalan ng trabaho. Sa puntong ito na bumibilis ang penomenon ng pagkalubog sa utang: sa panahong iyon ang mga bansa sa Ikatlong Daigdig ang nasa unahan ng pagkalubog sa utang at sa ilang panahon ay naging “makina” para sa rekoberi. Natapos ang sitwasyong ito sa simula ng 1980s dahil sa krisis ng utang, ang kawalang kapasidad ng mga bansa sa Ikatlong Mundo na bayaran ang utang na binigay sa kanila para mabili nila ang produktong galing sa malalaking industriyalisadong mga bansa. Pero hindi huminto ang pagkalubog sa utang. Ang Amerika ay nagsimulang maging baton bilang “makina” pero ang kabayaran ay ang pagtaas ng depisit sa kalakal at, higit sa lahat, sa kanyang depisit sa badyet, isang polisiya na nagawa nilang ipatupad salamat sa pribelihiyo ng kanyang pera bilang pandaigdigang pera. Sa kabila na ang islogan ni Reagan ng panahong iyon ay “ang estado ay hindi solusyon, ito ang problema”, para bigyang

katuwiran ang likidasyon ng neo-Keynesianismo, ang Pederal na estado ng Amerika, sa pamamagitan ng kanyang malaking deposit sa badyet, ay patuloy na naging ahente sa pambansa at internasyunal na buhay ekonomiya. Subalit, ang “Reaganomics”, na kumuha ng inspirasyon kay Margaret Thatcher ng Britanya, ay sa batayan kumakatawan sa pagwasak ng “welfare state”, i.e. ang walang hintong atake sa uring manggagawa para mapangibabawan ang lumalaking inplasyon na nakaapekto sa kapitalismo magmula 1970s.

Sa panahon ng 1990s, ang isa sa mga makina ng pandaigdigang ekonomiya ay ang mga “tigre” at “dragon” ng Asya, na nakaranas ng ispektakular na paglaki ng tantos ng paglago dahil sa utang, ay dumanas ng mga kombulsyon sa 1997. Habang ang “bago” at “demokratiang” Rusya mismo na nasa sitwasyon na hindi na mabayaran ang utang, ay nagbigay demoralisasyon sa mga taong umaasa sa “kataposan ng komunismo” para lalago ang ekonomiya ng matagalan. Ang nangyari, ang bula ng Internet sa kataposan ng 1990s, na sa katunayan ay isang porma ng ispekulasyon ng “hi-tech” na mga kompanya, ay pumutok sa 2001-2, na tumapos sa pangarap na muling babangon ang pandaigdigang ekonomiya sa pamamagitan ng pag-unlad ng bagong teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon. Kaya pumasok ang utang sa bagong yugto ng paglaki, salamat sa malalaking pautang na binigay para sa konstruksyon sa maraming kompanya, partikular sa Amerika. Ang huli ay pinalakas ang kanyang papel bilang “makina ng pandaigdigang ekonomiya”, pero ang kabayaran ay ga-higanteng paglaki ng utang, laluna sa populasyong Amerikano, batay sa lahat ng klase ng “produktong pinansyal” para makaiwas sana sa risiko ng mga utang na hindi na mabayaran. Sa realidad, ang malawak na ekstensyon ng kaduda-dudang mga utang ay hindi nakapagbago sa katangian nito bilang Espada ni Damocles na nasa ibabaw ng ulo ng ekonomiya ng Amerika at daigdig. Kabaliktaran, bunga ito sa “nakalalasang utang” na naipon bilang kapital ng mga bangko at siyang pinanggalingan ng kanilang pagbagsak matapos ang 2007.

4) Kaya, hindi ang krisis pinansyal ang pinanggalingan ng kasalukuyang resesyon. Kabaliktaran, pinakita lamang ng krisis pinansyal ang katotohanan na ang utang, na siyang dahilan kung bakit naging posible na pangingibawan ang sobrang produksyon, ay hindi maaring solusyon ng matagalan. Sa malao’t madali, ang “tunay na ekonomiya” ay maghiganti. Sa ibang salita, ang pundasyon ng mga kontradiksiyon ng kapitalismo, sobrang produksyon, kawalang kapasidad ng pamilihan na lamunin ang kabuuang produktong nalikha, ay bumalik sa eksena.

Sa ganitong punto, ang mga solusyon na pinagpasyahan noong Marso 2009 sa G20 sa London, pagdoble ng reserba ng International Monetary Fund, malawakang suporta ng mga estado sa mga naluging bangko, pang-engganyo sa huli na ipatupad ang mga aktibong polisiyang pampasigla ng ekonomiya sa kapinsalaan ng paglaki ng deposit sa badyet, ay hindi maging lunas sa batayang problema. Ang tanging “solusyon” na maaring magawa ng burgesya ay ... panibagong utang. Hindi makaimbento ng solusyon ang G20 sa krisis na wala ng solusyon. Ang kanyang pangunahing tungkulin ay iwasan ang pagbulusok-pababa tungo sa “bawat isa para sa kanyang sarili” tulad sa 1930s. Ang layunin nito ay ibalik ang minimum na tiwala sa pangunahing pang-ekonomiyang ahensya, dahil sa kapitalismo ito ay esensyal na salik sa operasyon ng utang, na siyang puso ng sistema. Dahil dito, ang panggigiit sa kahalagahan ng “sikolohiya” bilang salik ng pang-ekonomiyang kombulsyon, ang pokus sa salita at mala-teatrong galaw sa harap ng materyal na realidad, ay nagpakita sa batayan na isang ilusyon ang pundamental na katangian ng mga hakbangin na maaring gawin ng kapitalismo sa harap ng kanyang istorikong krisis. Sa

realidad, bagama’t hindi babagsak ang kapitalistang sistema tulad ng baraha, ang perspektiba ay lalupang pagdausdos sa kailaliman ng kanyang istorikal na pagkabangkarota, sa pagbulusok tungo sa mas maraming kombulsyon na naranasan nito ngayon. Sa mahigit apat na dekada, hindi napigilan ng burgesya ang patuloy na paglala ng krisis. Ngayon naharap ito sa isang sitwasyon na mas masahol pa noong 60s. Sa kabila ng karanasan nitong nagdaang mga dekada, mas malala lang ang magagawa nito, hindi pagbibigay-ginhawa. Sa partikular, ang mga hakbanging neo-Keynesian na giniit ng G20 sa London (hanggang sa nasyunalisasyon ng mga bangkong nagkaproblema) ay walang tsansang maibalik ang “sigla” ng kapitalismo, dahil ang pinagmulan ng kanyang mayor na problema sa huling bahagi ng 1960s ay bunga ng kapalpakan ng mga hakbanging neo-Keynesian na tinangkilik matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

5) Bagama’t nasorpresa ang naghaharing uri sa brutal na paglala ng krisis, hindi ito nakakagulat sa mga rebolusyonaryo. Tulad ng sinabi namin sa resolusyon sa internasyunal na sistwasyon sa aming huling kongreso, kahit wala pa ang kaguluhan sa kalagitnaan ng 2007: “*Sa ngayon, ang banta ng paglobo ng pabahay sa Amerika, na isa sa mga motor ng ekonomiya ng Amerika, at nagbanta ng nakakasirang pagkalugi ng mga bangko, ay nakababahala sa mga ekonomista.*” (bilang apat).^[3]

Ang nasabing resolusyon din ang nagbuhos ng malamig na tubig sa maling pag-asa sa “milagro sa Tsina”:

“malayong maging hangin para sa kapitalistang ekonomiya, ang ‘milagro’ sa Tsina at ilang mga bansa sa ikatlong daigdig ay isa na namang manipestasyon ng dekadenteng kapitalismo. Dagdag pa, ang matinding pag-asa ng ekonomiyang Tsino sa kanyang eksport ay bukal ng bulnerabilidad sa anumang pagliit ng demand mula sa kanyang kasalukuyang kasosyo, bagay na hindi malayong mangyari dahil obligado ang Amerika na hanapan ng paraan ang napakalaking utang nito na siyang dahilan sa kasalukuyan para magampanan ang papel na makina ng pandaigdigang demand. Kaya, katulad ng ‘milagrosong’ dobleng bilang ng paglago ng mga tigre at dragon sa Asya na bumagsak sa kataposan ng 1997, ang kasalukuyang milagro sa Tsina, kahit pa hindi magkatulad ang pinanggalingan at mas malaki ang hawak na kapital, ay sa malao’t madali ay kaharapin ang mabangis na realidad ng istorikong pagkabangkarota ng kapitalistang moda ng produksyon.” (bilang 6).

Ang pagbagsak ng tantos ng paglago ng ekonomiyang Tsino, ang pagsabog ng kawalang trabaho na itinulak nito, dahilan na bumalik sa kanilang mga baryo ang milyun-milyong magsasaka na dati nakapasok sa mga sentro ng industriya pero ngayon ay napilitang umuwi dahil sa hindi makayanang kahirapan, ay ganap na kompirmasyon ng pananaw na ito.

Katunayan, ang kapasidad ng IKT na makita ang mangyayari ay hindi dahil sa partikular na kalakasan ng aming organisasyon. Ang tanging “kalakasan” nito ay ang kanyang pagiging tapat sa marxistang pamamaraan, sa kanyang determinasyon na palagi itong ipraktika sa kanyang pagsusuri sa pandaigdigang sitwasyon, sa kanyang kapasidad na mahigpit na labanan ang mga proklamasyong “bigo ang marxismo”.

6) Ang kompirmasyon ng balidasyon ng marxismo ay hindi lamang sa usapin ng pang-ekonomiyang buhay ng lipunan. Sa pusod ng mga mistipikasyon na inilako simula ng 90s ay ang ideya ng panibagong panahon ng pandaigdigang kapayapaan. Ang kataposan ng Cold War, ang paglaho ng bloke sa silangan, na sinabi ni Reagan na “Imperyo ng Dimonyo”, ay diumano tatapos sa iba’t-ibang armadong labanan bunga ng bangayan ng dalawang

imperyalistang bloke mula 1947. Sa harap ng mistipikasyong ito hinggil sa posibilidad ng kapayapaan sa ilalim ng kapitalismo, laging binigyang diin ng marxismo ang imposibilidad para sa mga burges na estado na pawiin ang kanilang pang-ekonomiya at militar na tunggalian, laluna sa panahon ng pagbulusok-pababa. Kaya nagawa naming sumulat noong Enero 1990 na *“Ang paglaho ng imperyalistang berdugong Ruso, at ang napipintong paglaho ng bloke sa pagitan ng Amerika at kanyang dating mga ‘kasosyo’, ay magbukas ng pintuan para sa mas maraming lokal na bangayan. Ang mga tunggalian at labanang ito ay hindi, sa kasalukuyang mga sirkumstansya, tutungo sa isang pandaigdigang labanan...Sa kabilang banda, dahil sa pagkawala ng disiplinang ipinataw ng presensya ng mga bloke, ang mga labanang ito ay magiging mas marahas at mas marami, sa partikular, syempre, sa mga lugar na pinakamahina ang proletaryado”*. [4] Hindi nagtagal, kinumpirma ng pandaigdigang kalagayan ang analisis na ito, ng pumutok ang unang digmaan sa Gulpo sa Enero 1991 at ang digmaan sa dating Yugoslavia sa taglagas ng naturang taon. Magmula noon, walang hinto na ang madugo at barbarikong mga labanan. Hindi na namin malagay lahat dito pero mapansin natin sa partikular:

- - ang pagpapatuloy ng digmaan sa dating Yugoslavia, na nakitaan, sa ilalim ng NATO, ng direktang panghimasok ng Amerika at mga pangunahing kapangyarihan sa Uropa sa 1999;
- - ang dalawang digmaan sa Chechnya
- - ang maraming digmaan na patuloy na nanalanta sa kontinente ng Aprika (Rwanda, Somalia, Congo, Sudan, atbp);
- - ang mga operasyong militar ng Israel sa Lebanon at ang pinakahuli, sa Gaza;
- - ang digmaan sa Afghanistan, na nagpatuloy pa hanggang ngayon;
- - ang digmaan sa Iraq sa 2003 kung saan ang bunga ay patuloy na nagpapahirap sa bansang ito, kundi pati na rin sa pasimuno ng digmaan, ang Amerika.

Matagal ng sinuri ng IKT ang direksyon at implikasyon ng polisiya ng Amerika:

“hindi na nagmumulto ang digmaan sa pandaigdigang saklaw, pero nakita natin ang pagkalag ng kadena ng imperyalistang mga antagonismo at lokal na mga digmaan na direktang may kaugnayan sa malalaking kapangyarihan, sa partikular ang pinakamakapangyarihan sa kanilang lahat, ang Amerika. Ang Amerika, na sa ilang dekada ay naging ‘pulis ng mundo’, ay nagsisikap na patuloy itong ipatupad at palakasin ang kanyang papel sa harap ng ‘panibagong pandaigdigang kaguluhan’ na lumitaw pagkatapos ng Cold War. Subalit habang seryoso nitong ginampanan ang kanyang papel, hindi ito ginawa para sa layuning makamit ang istabilidad sa mundo kundi para mapanatili ang kanyang liderato sa mundo, na lalong pinahina ng katotohanang wala na ang semento para pagkaisahin ang bawat imperyalistang bloke – ang banta mula sa karibal na bloke. Sa pagkawala ng ‘bantang Sobyet’, ang tanging paraan para maipataw ng Amerika ang kanyang disiplina ay umasa sa kanyang pangunahing lakas, ang kanyang malaking superyoridad sa antas militar. Pero sa paggawa nito, ang imperyalistang polisiya ng Amerika ay siyang naging isa sa pangunahing mga salik ng pandaigdigang instabilidad.” [5]

7) Ang pagpasok ng Demokratang si Barak Obama sa pagiging pinuno ng pangunahing kapangyarihan sa mundo ay nagluwal ng lahat ng klaseng ilusyon hinggil sa posibilidad ng pagbabago sa estratehikong oryentasyon ng Amerika, isang pagbabago na magbukas ng “panahon ng kapayapaan”. Isa sa mga batayan ng

mga ilusyong ito ay ang katotohanan na isa si Obama sa iilang senador na bumoto laban sa interbensyong militar sa Iraq sa 2003, at hindi katulad ng kanyang Republikanong karibal na si McCain, komitido siya na paalisin ang armadong pwersa ng Amerika mula sa Iraq. Subalit ang mga ilusyong ito ay madaling bumangga sa realidad. Sa partikular, kung inisip ni Obama na umatras ang Amerika mula sa Iraq, ito ay para mapalakas ang kanyang panghihimasok sa Afghanistan at Pakistan. Dagdag pa, ang pagpapatuloy ng polisiyang militar ng Amerika ay malinaw na makita ng gawin ng bagong administrasyon na Kalihim ng Depensa si Gates, na nominado ni Bush.

Sa realidad, ang bagong oryentasyon ng diplomasyang Amerika ay sumasang-ayon sa balangkas na nasa itaas. Ang kanyang layunin ay para makuha pa rin ang paghahari ng Amerika sa mundo sa pamamagitan ng kanyang superyoridad sa militar. Kaya ang kilos ni Obama para palakasin ang diplomasya ay para makaipon ng panahon at ispasyong kailangan para sa hindi maiwasang imperyalistang interbensyon sa hinaharap ng kanyang militar, na sa kasalukuyan ay napakanipis at lubhang pagod na para isustini ang isa pang teatro ng digmaan kasabay ng Iraq at Afghanistan.

Subalit, gaya ng laging binigyang diin ng IKT, merong dalawang magkaibang opsyon sa loob ng burgesya para makamit ang layunin nito:

- - ang opsyon na kinakatawan ng Partido Demokrata na nagsisikap sa abot ng makakaya na katulungin ang ibang kapangyarihan sa proyektong ito;
- - ang mayoryang opsyon ng mga Republikano, na nagnanais pangunahan ang opensibang militar at igiit ang sarili ibabaw sa ibang kapangyarihan sa kahit anuman ang mangyari.

Ang unang opsyon ay pinatupad ni Clinton sa kataposan ng 90s sa dating Yugoslavia, kung saan nagawa ng Amerika na makuha ang suporta ng pangunahing mga kapangyarihan sa kanlurang Uropa, sa partikular Alemanya at Pransya, para makipagtulungan sa pambobomba ng NATO sa Serbia para pilitin itong iwanan ang Kosovo.

Ang ikalawang opsyon ay ginamit sa digmaan sa Iraq sa 2003, na nangyari sa kabila ng maring pagtutol ng Alemanya at Pransya, na sa panahong ito, ay suportado ng Rusya sa loob ng UN Security Council.

Subalit, alinman sa mga opsyong ito ay hindi napigilan ang paghina ng liderato ng Amerika. Ang polisiya na ipilit ang mga bagay, na nakita sa dalawang termino ni Bush Junior, ay nagbunga hindi lang ng kaguluhan sa Iraq, na hindi na mapangibabawan, kundi sa lumalaking pagkakahiwalay ng diplomasyang Amerikano, na makita partikular sa ilang bansa na sumuporta sa Amerika sa 2003, tulad ng Espanya at Italya, ay lumayo na mula sa adbenturismo sa Iraq (hindi pa kasama ang patagong pagdistansya ni Gordon Brown at gobyernong Britanya mula sa walang kondisyon na suporta na binigay ni Tony Blair sa adbenturismo sa Iraq). Sa panig nito, ang polisiyang “kooperasyon” na nais ng mga Demokrata ay walang katiyakan na makuha ang katapatan ng mga kapangyarihang nais kabigin ng Amerika sa kanyang gawaing militar, partikular dahil nagbigay ito sa ibang kapangyarihan ng mas malawak na puwang ng maniobra para itulak ang kanilang sariling interes.

Sa ngayon, halimbawa, ang administrasyong Obama ay nagpasya ng mas pampalubag-loob na polisiya sa Iran at mas mahigpit naman sa Israel, dalawang oryentasyon na patungo sa iisang direksyon dahil halos lahat ng mga Unyong Uropeo, laluna ang Alemanya at Pransya, dalawang bansang naglalayong muling makuha ang kanilang dating impluwensya sa Iraq at Iran. Ang

orientasyong ito ay hindi makapigil sa paglitaw ng mayor na mga tunggalian ng interes sa pagitan ng mga bansang ito at ng Amerika, laluna sa bahagi ng silangang Uropa (kung saan sinisikap ng Alemanya na mapanatili “de-prebilhiyong” relasyon sa Rusya) o Aprika (kung saan ang dalawang paksyon na siyang dahilan ng karahasan at kaguluhan sa Congo ay sinusuportahan ng Amerika at Pransya).

Sa mas pangkalahatan, ang paglaho ng pagkahati ng mundo sa dalawang malaking bloke ay nagbukas ng pintuan para sa mga ambisyon ng nasa ikalawang antas ng mga imperyalista na lalupang nagpagulo sa internasyunal na sitwasyon. Ito ang kaso halimbawa sa Iran, na ang layunin ay makuha ang dominanteng posisyon sa Gitnang Silangan sa ilalim ng bandilang paglaban sa “Makapangyarihang Satanas” na Amerika at sa paglaban sa Israel. May malawak na kaparaanan, pinalawak ng Tsina ang kanyang impluwensya sa ibang kontinente, partikular sa Aprika kung saan ang kanyang lumalaking pang-ekonomiyang presensya ang batayan para sa diplomatiko at militar na presensya, gaya ng nangyari sa digmaan sa Sudan.

Kaya ang perspektiba na haharapin ng mundo matapos mahalal si Obama bilang pinuno ng pinakamalaking kapangyarihan sa mundo ay hindi pundamental na kaiba sa sitwasyon na nangibabaw hanggang ngayon: patuloy na kompromasyon sa pagitan ng mga kapangyarihan ng una o ikalawang hanay, patuloy na barbarikong mga digmaan na may mas mapaminsalang resulta (gutom, epidemya, malawakang dislokasyon) para sa mga populasyon na namuhay sa pinag-aagawang mga erya. Dapat din nating ikonsidera kung ang instabilidad na tinulak ng paglala ng krisis sa kabuuang serye ng mga mahirap na bansa ay hindi magbunga ng intensipikasyon ng mga kompromasyon sa pagitan ng pangkating militar sa loob ng mga bansang ito, na tulad ng dati, may partisipasyon ng iba’t-ibang imperyalistang kapangyarihan. Naharap sa ganitong sitwasyon, si Obama at ang kanyang administrasyon ay hindi kayang ipagpatuloy ang mapandigmang mga polisiya ng kanyang mga nasundan, tulad ng nakita natin sa Afghanistan halimbawa, isang polisiya na kahalintulad ng lumalaking barbarismong militar.

8) Tulad ng ang mabuting intensyon na inaanunsyo ni Obama sa diplomatikong antas ay hindi makapigil sa kaguluhang militar sa pagpapatuloy at paglala sa buong mundo, ni mapigilan nito ang Amerika na maging aktibong salik sa kaguluhang ito; kahalintulad, ang re-orientasyon ng polisiya ng Amerika na inaanunsyo niya sa larangan ng proteksyon sa kapaligiran ay hindi makapigil sa pagpapatuloy ng paglala. Hindi ito usapin ng mabuti at masamang intensyon ng mga gobyerno, gaano man sila ka makapangyarihan. Ang bawat nagdaang araw ay lalupang nagpakita sa tunay na kapinsalaang naranasan ng planeta: dumarami ang marahas na mga bagyo sa mga bansa na dati hindi nakaranas nito; tagtuyo at matinding init; baha at pagsabog ng mga harap-sa-baha; mga bansang nasa peligro na malunod sa dagat... mas lalong nakakalungkot ang perspektiba. Ang kapinsalaang ito ng kapaligiran ay nagbunga din ng peligro sa paglala ng tunggaliang militar, partikular sa pagkaubos ng mainom na tubig, na siyang nakataya sa mga labanan sa hinaharap.

Tulad ng sinabi ng resolusyon na pinagtibay ng nagdaang internasyunal na kongreso: *“Kaya, tulad ng pinakita ng IKT sa loob ng mahigit 15 taon, dala ng dekomposisyon ng kapitalismo ang mayor na banta sa buhay ng sangkatauhan. Ang alternatibong sinabi ni Engels sa huling bahagi ng 19 siglo, sosyalismo o barbarismo, ay naging nakakatakot na realidad sa buong 20 siglo. Simple lang ang pinakita sa atin na perspektiba sa 21 siglo, sosyalismo o pagkawasak ng sangkatauhan. Ito ang*

tunay na nakataya na kinaharap ngayon ng tanging pwersa sa lipunan na may kapasidad na ibagsak ang kapitalismo: ang uring manggagawa.”^[6]

9) Ang kapasidad na ito ng uring manggagawa na tapusin ang barbarismong dulot ng kapitalismong nasa pagkaagnas, para dalhin ang sangkatauhan palabas sa kanyang kawalang kasaysayan (prehistory) at tungo sa “kaharian ng kalayaan”, kung gamitin ang ekspresyon ni Engels, ay pinalalakas ngayon sa araw-araw na mga pakikibaka laban sa kapitalistang pagsasamantala. Sa pagbagsak ng bloke sa silangan at sa diumano “sosyalistang” mga rehimen, ang nakabibing kampanya hinggil sa “kataposan ng komunismo”, at maging sa “kataposan ng makauring pakikibaka” ay matinding humambalos sa kamulatan at militansya ng uring manggagawa. Nagdurusa ng pag-atras ang proletaryado sa dalawang antas na ito, pag-atras na umabot ng mahigit sampung taon. Noon lamang 2003, gaya ng tinutumbok ng IKT ng maraming beses, na bumalik ang uring manggagawa sa daan ng pakikibaka laban sa mga atake ng kapital. Magmula noon, ang tendensyang ito ay lalupang nakumpirma at sa dalawang taon mula noong huling kongreso nakita natin ang pag-unlad ng signipikanteng mga pakikibaka sa buong mundo. Sa ilang panahon nakita natin maging ang kapuna-punang pagkasabay-sabay ng mga pakikibaka ng manggagawa sa pandaigdigang saklaw. Kaya sa simula ng 2008 ang sumusunod na mga bansa ay sabay-sabay na natamaan ng mga pakikibaka ng manggagawa: Russia, Ireland, Belgium, Switzerland, Italy, Greece, Rumania, Turkey, Israel, Iran, Bahrain, Tunisia, Algeria, Cameroon, Swaziland, Venezuela, Mexico, USA, Canada at China.

Ganun din, nakita natin ang ilan sa signipikanteng mga pakikibaka ng manggagawa sa nagdaang dalawang taon. Hindi na natin uubusin, maari nating banggitin ang sumusunod na mga halimbawa:

- - sa Ehipto, sa tag-init ng 2007, kung saan ang malawakang mga pakikibaka sa industriya ng tela ay sinalubong ng aktibong pakikiisa mula sa ibang mga sektor (pantalan, transportasyon, ospital, atbp);
- - sa Dubai, sa Nobyembre 2007, kung saan ang mga manggagawa sa konstruksyon (karamihan mga migrante) ay malawakang kumilos;
- - sa Pransya, sa Nobyembre 2007, kung saan ang mga atake laban sa pensyon ay nagtulak ng militanteng welga ng mga manggagawa sa perokaril, na may mga halimbawa ng pakikiisa mula sa mga estudyante na kasabay na lumalaban sa pagtatangka ng gobyerno na patingkarin ang sosyal na paghiwalay sa mga unibersidad; isang welga na naghubad ng maskara sa papel ng mga pederasyong unyon bilang mananabotahe, ang CGT at ang CFDT, na umobligang sa burgesya na muling ayusin ang imahe ng kanyang aparatung para kontrolin ang uring manggagawa;
- - sa Turkey, sa kataposan ng 2007, kung saan 26,000 manggagawa sa Turk Telecom ay nagwelga ng mahigit isang buwan, ang pinakamahalagang mobilisasyon ng proletaryado sa bansang ito magmula 1991, and sa panahon na ang pamahalaang Turkish ay nasangkot sa operasyong militar sa hilaga ng Iraq;
- - sa Rusya, sa Nobyembre 2008, kung saan ang mahalagang mga welga sa St Petersburg (laluna ang pabrika ng Ford) ay nagpakita ng kapasidad ng mga manggagawa na pangibabawan ang ilang pananakot ng kapulisan, laluna sa bahagi ng FSB (ang dating KGB);
- - sa Greece, sa kataposan ng 2008, kung saan sa klima ng napakalawak na diskontentong nakita na noon, ang mobilisasyon

ng mga estudyante laban sa panunupil ay nakatanggap ng masidhing pakikiisa mula sa loob ng uring manggagawa, na may ilang mga sektor na kumilos labas sa opisyal na mga unyon; isang pakikiisa na hindi nanatili sa loob ng Greece dahil ang kilusang ito ay nakatanggap ng napaka-signipikanteng eko ng simpatiya mula sa maraming bansa sa Uropa;

- - sa Britanya, kung saan ang welgang wildcat sa planta ng langis sa Lindsey sa simula ng 2009 ay isa sa pinakasignipikanteng kilusan ng uring manggagawa sa bansang ito sa loob ng dalawang dekada, isang uring manggagawa na nakaranas ng matinding pagkatalo sa 1980s; pinakita ng kilusang ito ang kapasidad ng uring manggagawa na palawakin ang kanyang pakikibaka at, sa partikular, ay nakitaan ng simula ng komprontasyon laban sa nasyunalismo, sa ekspresyon ng pagkakaisa sa pagitan ng manggagawang British at mga manggagawang Polish at Italyano.

10) Ang paglala ng krisis ng kapitalismo ngayon ay malinaw na kumakatawan ng napaka-importanteng elemeto sa pag-unlad ng pakikibaka ng manggagawa. Sa mismong panahong ito, sa lahat ng mga bansa ng mundo, naharap ang mga manggagawa ng malawakang tanggalan, sa hindi malabanang pagtaas ng kawalang trabaho. Sa pinaka-kongkreto, sa kanyang laman at buto, naranasan ng proletaryado ang kawalang kapasidad ng kapitalistang sistema upang tiyakin ang batayang disentang pamumuhay ng pinagsamantalang nitong manggagawa. Dagdag pa, lalo itong nawalan ng kapasidad na magibigay ng kinabukasan sa bagong henerasyon ng uring manggagawa, na kumakatawan ng elemento ng pagkabahala at desperasyon hindi lamang para sa kanila kundi para sa kanilang mga magulang. Kaya nahihinog ang mga kondisyon para sa ideya na ibagsak ang sistemang ito para signipikanteng umunlad sa loob ng proletaryado. Subalit, hindi sapat para sa uring manggagawa na maintindihan na dapat ng iabgsak ang kapitalistang sistema, na dapat palitan ito ng bagong lipunan, para mahawakan nito ang rebolusyong perspektiba. Kailangan din nito na magkaroon ng pananalig na ang naturang perspektiba ay posible at na may lakas ito para ipatupad ito. At talagang sa antas na ito matagumpay na naka-iskor ang burgesya laban sa uring manggagawa sa panahon na bumagsak ang “tunay na umiiral na sosyalismo”. Sa isang banda, nagawa nitong ipataw ang ideya na ang perspektiba ng komunismo ay isang walang lamang pangarap: “hindi uubra ang komunismo. Ang patunay ay iniwan ito ng mga populasyong nabuhay sa naturang sistema para palitan ng kapitalismo”. Kaalinsabay, nagawa nitong lumikha ng damdamin ng kawalang kapangyarihan sa loob ng uring manggagawa dahil hindi nito nakayanang maglunsad ng malawakang mga pakikibaka. Sa puntong ito, ang sitwasyon ngayon ay lubhang kaiba mula sa umiral noong istorikong pagbangon ng uri sa kataposan ng 60s. noong panahong iyon, ang malawakang katangian ng mga pakikibaka ng manggagawa, laluna sa malawakang welga sa Mayo 68 sa Pransya at sa “mainit na taglagas” sa Italya sa 69, ay nagpakita na ang uring manggagawa ay maaring bumuo ng isang mayor na pwersa sa buhay ng lipunan at ang ideya na balang araw ay maibagsak nito ang kapitalismo ay hindi isang walang kabuluhang pangarap. Subalit, dahil ang krisis ng kapitalismo ay nagsimula pa lang, ang kamulatan ng matinding pangangailangang ibagsak ang sistemang ito ay wala pang materyal na batayan na lumawak sa hanay ng mga manggagawa. Masumada natin ang sitwasyong ito sa sumusunod: sa kataposan ng 1960s, ang ideya na posible ang rebolusyon ay maaring malawakang tinanggap, pero ang ideya na kailangan talaga ito ay hindi madaling maintindihan. Ngayon, sa kabilang banda, ang ideya na kailangang ang rebolusyon ay nakakuha ng maraming suporta, pero ang ideya na posible ito ay

hindi gaanong malawak.

11) Para makakuha ng signipikanteng suporta sa loob ng uring manggagawa ang kamulatan na posible ang komunistang rebolusyon, dapat magkaroon ng tiwala ang una sa kanyang sariling lakas, at mangyari ito sa pamamagitan ng pag-unlad ng malawakang mga pakikibaka. Ang napakaraming mga atake sa pandaigdigang saklaw ang nagbigay ng obhetibong batayan para makibaka. Subalit, ang pangunahing porma ng atake ngayon, ang malawakang tanggalan, ay inisyal na hindi nagbunga ng naturang mga pagkilos; sa pangkalahatan, at pinatunayan ito sa nakalipas na mahigit 40 taon, ang mga panahon ng mataas na kawalang trabaho ay hindi naging teatro ng pinakamahalagang labanan. Ang kawalang trabaho, malawakang tanggalan, ay may tendensyang magtulak ng temporaryong pakiramdam na paralisis sa uri, na napailalim sa pananakot ng kapitalista: “kung hindi kayo masaya, maraming mga manggagawa ang papalit sa inyo”. Magagamit ng burgesya ang sitwasyong ito para magbunsod ng pagkahati-hati at maging tahasang bangayan sa pagitan ng nawalan ng trabaho at sa mga may “prebilihing” panatilihin ito. Higit sa lahat, ipinataw ng mga kapitalista at gobyerno ang kanilang “mapagpasyang” argumento: “hindi namin kasalanan ang pagtaas ng kawalang trabaho o sa pagkatanggal ninyo. Ito ay dahil sa krisis”. Sa huli, sa pagsara ng mga kompanya, hindi na epektibo ang welga, na nagpapalakas sa pakiramdam ng manggagawa ng kawalang kapangyarihan. Sa isang istorikong sitwasyon kung saan ang proletaryado ay hindi nakaranas ng istorikong pagkatalo gaya sa 1930s, ang malawakang tanggalan, na nagsimula na, ay magbunsod ng napakatinding paglaban, maging ng pagsabog ng karahasan. Pero malamang sa simula ay desperado at relatibong hiwalay na mga pakikibaka, kahit pa makuha nila ang tunay na simpatiya mula sa ibang mga sektor ng uring manggagawa. Ito ang dahilan, sa darating na panahon, ang katotohanan na wala tayong nakitang malawakang tugon mula sa uring manggagawa laban sa mga atake ay hindi dapat magbunga ng paniniwala na sumuko na ito sa pakikibaka para ipagtanggol ang kanyang interes. Sa ikalawang yugto, kung saan hindi na ito masyadong bulnerable sa pananakot ng burgesya, kung saan ang mga manggagawa ay humawak na sa ideyang ang nagkakaisa at solidong pakikibaka ang magpaatras sa mga atake ng naghaharing uri, laluna kung ang huli ay pinagbayad ang buong uring manggagawa sa napakalaking deposit sa badyet na naipon ngayon kabilang ang lahat ng plano para ilitas ang mga bangko at pasiglahin ang ekonomiya. Hindi ito nagkahulugan na ang mga rebolusyong ay wala sa kasalukuyang pakikibaka. Bahagi sila sa mga karanasan na dinaanan ng proletaryado para makahakbang sa kanyang paglaban sa kapitalismo. At nasa komunistang mga organisasyon na isulong, sa loob ng mga pakikibakang ito, ang pangkalahatang perspektiba ng proletaryong kilsuan at ang mga hakbang tungo sa direksyong ito.

12) Mataas ang daan tungo sa rebolusyong pakikibaka at sa pagpabagsak sa kapitalismo. Pinakita ng bawat araw na nagdaan ang pangangailangang ibagsak ang sistema, pero kailangan munang ipatupad ng uring manggagawa ang maraming hakbangin para makamit ito:

- - ang muling pagdiskubre sa kanyang kapasidad na kontrolin ang kanyang pakikibaka dahil, sa kasalukuyan, mayoriya ng mga pakikibaka, laluna sa maunlad na mga bansa, ay nanatiling nasa kontrol ng mga unyon (kabaliktaran sa nakita natin sa 1980s);

- - ang pag-unlad ng kanyang kapasidad na ilantad ang mga bitag at mistiikasyon ng burgesya, na humahadlang sa daan tungo sa malawakang pakikibaka, at sa muling pagpundar ng

kanyang tiwala sa sarili, dahil habang ang malawakang katangian ng pakikibaka sa kataposan ng 60s ay sa pangkalahatan dahil sa katotohanang nasorpresa ang burgesya matapos ang ilang dekada ng kontra-rebolusyon, malinaw na hindi ito ang sitwasyon ngayon;

- - ang politikalisyasyon ng kanyang pakikibaka, i.e. sa kanyang kapasidad na imarka sa kanilang istorikong dimensyon, na makita sila bilang yugto ng mataas, istorikal na pakikibaka ng proletaryado laban sa pagsasamantala at sa kanyang abolisyon.

Malinaw na ang hakbang na ito ang pinaka-mahirap na ipatupad, dahil sa:

- - ang pagpatid ng kontra-rebolusyon sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyang pakikibaka ng uri;
- - ang epekto ng organikong pagkapatid na ito sa mga rebolusyonyong organisasyon;
- - ang pag-atras ng makauring kamulatan matapos bumagsak ang bloke sa silangan;
- - ang napakasamang epekto ng pagkaagnas ng kapitalismo sa kamulatan ng proletaryado;
- - ang kapasidad ng naghaharing uri na itayo ang mga organisasyon (gaya ng New Anticapitalist Party sa Pransya at Die Linke sa Alemanya) na ang tungkulin ay palitan ang Stalinistang mga partido na ngayon ay naglaho o naging bulok, o sa sosyal demokrasya na sa ilang dekada ay nasira ang puri dahil sa kanyang papel na pangasiwaan ang krisis ng kapitalismo. Dahil bago sila, nagawa ng mga partidong ito na panatilihin ang mayor na mga misyipikasyon sa loob ng uring manggagawa.

Katunayan, ang politikalisyasyon ng proletaryong pakikibaka ay nakaugnay sa presensya ng komunistang minority sa loob ng kanyang hanay. Ang katotohanan na napakahina pa ng internasyunalistang kampo ay indikasyon na napakalyo pa ang

lalakaran ng uring manggagawa para maglunsad ng mga rebolusyonyong pakikibaka at iluwal ang kanyang makauring pandaigdigang partido, isang mahalagang organo na kung wala ito maging imposible ang tagumpay ng rebolusyon;

Mataas at mahirap ang daan, pero hindi dapat panghinaan ng loob ang mga rebolusyonyo o maparalisa ang kanilang determinasyon. Kabaliktaran!

IKT 5/9

[1]. World Economic Outlook, Interim Report, Marso 2009, p.5.

[2]. Ibid., p.7.

[3]. Tingnan *International Review* n° 130 para dito at sa susunod na mga sipi mula sa resolusyon.

[4]. *International Review* n° 61, “Matapos bumagsak ang bloke sa silangan, de-istabilisasyon at kaguluhan”.

[5]. *International Review* n° 130, “Resolusyon sa internasyunal na sitwasyon”, Ika-17 Kongreso ng IKT, bilang 7.

[6]. Ibid, bilang 10.

Matinding Kalamidad:

Komunistang rebolusyon o pagkasira ng mundo?

ni: Berto Dimasalang

Ang natural na kalamidad ay hindi maaring mapigilan ng tao sa kasalukuyang naabot na kaalaman at teknolohiya ng mundo. Subalit ang paglala nito at ang pagdami ng mga biktima – buhay ng tao, kabuhayan, ari-arian – ay hindi na kagagawan ng kalikasan kundi kagagawan na ng panlipunang sistemang umiiral.

Hindi man mapigilan ang mga kalamidad, maari naman itong mapaghandaan at ma-minimisa ang pinsalang idudulot ng mga ito. Pero magagawa lamang ito ng isang lipunang umaayon sa komon na interes ng sangkatauhan.

Hindi nga kagagawan ng naghaharing uri sa Pilipinas ang bagyong Ondoy at Pepeng. Subalit malaki ang responsibilidad ng mapagsamantalang uri kung bakit umabot sa mahigit 760 buhay ang nasawi, mahigit 7 milyong tao ang apektado, mahigit P18.7 bilyong ari-arian ang nasira, kasama na dito ang mahigit P12.6 bilyong halaga ng pananim ang nawala.¹

¹Ayon mismo sa National Disaster Coordinating Center: 341 patay sa Ondoy (Ketsana), 797,404 o 3,899,307 tao ang apektado, P8.328B nasira, kasama na dito ang P5.584 agrikultura.

419 patay sa Pepeng (Parma), 662,274 pamilya o 3,106,978 tao ang apektado, P10.437B nasira, kasama na dito ang P7.032B agrikultura

Ang mas nakababahalang pa ay padalang ang pagdalaw ng bagyo sa Pilipinas.

Sinisira ng kapitalismo ang kalikasan

Bagyo, lindol, baha, sunog sa kagubatan, at iba pa. Ito ang mga sakunang laging nararanasan, naririnig, nababasa at napapanood natin. Kahabag-habag ang dinanas ng milyun-milyong biktima sa buong mundo kung saan ang karamihan ay mahihirap.

Hindi lang mga bansa sa Asya at Aprika ang biktima kundi maging ang sa Uropa at Amerika. Walang pinipili ang bangis ng kalikasan – mahirap o mayamang bansa man.

Bakit nagkaganito ang ating kapaligiran ngayon sa kabila ng naabot na modernisasyon at abanteng sibilisasyon?

“Famines are developing in the Third World, and will soon reach the once so-called “socialist” countries, while in Western Europe and North America food stocks are being destroyed, and farmers are paid to cultivate less land or being penalised if they produce more than their quotas. In Latin America, killer diseases like

cholera, once eradicated, have returned and reached epidemic levels. All over the world, floods and earthquakes have killed tens of thousands, even though the means exist to build dykes and houses which could prevent such holocausts. At the same time, it is not even possible to accuse "fate" or "nature" of provoking disasters such as Chernobyl where in 1986 the explosion of a nuclear power station killed hundreds (if not thousands) of people and contaminated whole regions, or in the more developed countries, of causing mortal catastrophes in the great cities: 60 dead in a Paris railway station, more than 31 killed at the Kings Cross Underground fire in London. The system is also proving incapable of preventing the destruction of the environment, acid rain, nuclear and other pollution, the greenhouse effect, or the spread of the desert, all of which threaten the continued survival of humanity itself" (Manifesto of the 9th ICC Congress, July 1991)

Mayroong mayor na dahilan kung bakit patuloy na nasisira ang kapaligiran:

1. Paglaki ng green house effect
2. Kawalan ng epektibong pangagasiwa sa basura
3. Mabilis na pagkalat ng polusyon
4. Pagkaubos ng likas na yaman

Hindi simpleng maling pangangasiwa ng estado ang dahilan; hindi simpleng ibuntong ang sisi sa isang partikular na paksyon ng naghaharing uri o pambansang burgesya. Lahat ng paksyon ng naghaharing uri – nasa kapang-yarihan o wala; nasa mayaman o mahirap na mga bansa – ay pangunahing responsable sa mga nakamamatay na kalamidad dulot ng pagkasira ng kapaligiran. Pandaigdigang mga dahilan ng pagkasira ng kalikasan; bunga ng kabuluhan mismo ng pandaigdigang kapitalismo. Walang anumang pambansang solusyon dito.

Green house effect

Unang-una, dapat linawin na hindi nakakasira, sa halip nakatulong pa nga ang green house effect sa tao at sa mundo:

"...we have to be clear that the greenhouse effect is a highly beneficial fact for life on the earth - at least for the kind of life that we know about - to the extent that it makes it possible for the average temperature on the surface of our planet (average taking into account the four seasons and the different latitudes) of around 15°C instead of -17°C, the estimated temperature in the absence of the greenhouse effect. We have to imagine what the world would be like if the temperature was permanently below 0°C, with the seas and rivers frozen. To what do we owe this extra 32 degrees? To the greenhouse effect: the light of the sun penetrates the lower layers of the atmosphere without being absorbed (the sun does not heat up the air), and feeds the energy of the earth. The radiation which emanates from the latter (as from any celestial body), being composed essentially of infrared waves, is then intercepted and abundantly absorbed by certain constituents of the air such as carbon anhydride, water vapour, methane and other parts of the synthesis such as chlorofluorocarbons (CFCs). The thermal balance of the earth profits from the warmth produced in the lower

reaches of the atmosphere, and this has the effect of increasing the temperature of the earth's surface by 32°C."²

Ang nakakasira ay ang pagdami at pagkaipon ng green house effect sa kalawakan ng mundo:

"The problem is not therefore the greenhouse effect in itself, but the fact that with the development of industrial society many 'greenhouse' substances have been introduced into the atmosphere, the concentration of which is clearly growing, with the result that the greenhouse effect is increasing. It has been shown, for example, thanks to studies of the air trapped in the polar ice, which goes back 650,000 years, that the present concentration of CO² has gone from 380 ppm (parts per million or milligrams per cubed decimetre) is the highest throughout this entire period, and perhaps the highest over the past 20 million years. Furthermore, the temperatures registered during the 20th century have been the highest for 20,000 years. The frenetic resort to fossil fuels as a source of energy and the growing deforestation of the earth's surface have, since the beginning of the industrial era, compromised the natural balance of carbon gases in the atmosphere. This balance is the product of the release of carbon dioxide into the atmosphere on the one hand, via the combustion and decomposition of organic matter, and, on the other hand, of the fixation of this same carbon gas through photosynthesis, a process which transforms it into glucose and thus into complex organic matter. The imbalance between the release (combustion) and fixation (photosynthesis) of CO², to the advantage of release, is at the basis of the current accentuation of the greenhouse effect."³

Dahil sa kalikasan ng kapitalismo na ganid sa tubo, kompetisyon sa kumikipot na pandaigdigang pamilihan at pamurahan ng produkto, ang resulta nito ay walang pakundangang "pagpapaunlad" ng teknolohiya, makina at industriya na walang pakialam kung ano ang maging epekto nito sa kapaligiran. Ito ang esensya ng "industriyalisasyon" sa mayayaman at makapangyarihang mga bansa at sa mga bansang nag-aambisyong maging industriyalisado, kabilang na ang mga pekeng sosyalistang mga bansa gaya ng China, Vietnam, at Venezuela.

Dahil sa kalikasan ng kapitalismo na ganid sa tubo, kompetisyon sa kumikipot na pandaigdigang pamilihan at pamurahan ng produkto, ang resulta nito ay walang pakundangang "pagpapaunlad" ng teknolohiya, makina at industriya na walang pakialam kung ano ang maging epekto nito sa kapaligiran. Ito ang esensya ng "industriyalisasyon" sa mayayaman at makapang-

yarihang mga bansa at sa mga bansang nag-aambisyong maging industriyalisado, kabilang na ang mga pekeng sosyalistang mga bansa gaya ng China, Vietnam, at Venezuela.

Lahat ng mga pambansang burgesya, kabilang na ang umaangking "sosyalista" at "anti-imperyalista" kuno ay responsable sa pagdami ng green house effect sa atmospera ng daigdig dahil sa "pambansang industriyalisasyon" para sa bangis na kompetisyon sa internasyunal na antas.

Ang pagdami at pagkaipon ng green house effect ang isa sa dahilan kung bakit padalas ng padalas, palakas ng palakas ang mga ulan at bagyo na nagdulot ng nakamamatay na mga baha. Ayon mismo sa pahayag ng IPCC (Intergovernmental Panel on Climate Change) ng UN at ng MIT (Massachusetts Institute of technology) sa Boston, "an additional warming of a few degrees centigrade would provoke a more intense evaporation of the ocean waters, but the most sophisticated analyses suggest that there would be

²ICC, 'The world on the eve of environmental catastrophe'

³ibid

an accentuation of the disparity in rainfall in different regions. Arid zones would extend and become even more arid. The ocean areas with surface temperatures above 27°C, a critical point in the formation of cyclones, would go up by 30 or 40%. This would create a succession of catastrophic meteorological events resulting in recurrent floods and disasters. The melting of a large part of the glaciers in the Antarctic and Greenland, the increasing temperature of the oceans, would raise the level of the latter, with salt water penetrating many fertile coastal regions and whole regions being submerged (part of Bangladesh, many ocean islands)”

Sa prediksyong ito ng IPCC at MIT, hindi pa nila isinaalang-alang ang kahayukan sa enerhiya at industriya ng bagong industriyal na kapangyarihan sa kapitalistang mundo: China at India.

Problema sa produksyon at pangangaiswa sa basura

Sa pangkalahatan ang dekadenteng kapitalismo ay sistema ng mga basura. Sa abante at atrasadong mga bansa man, isa ang basura sa mayor na problema. Ano ang puno't dulo ng problema sa basura kung saan ang ilusyon at pagmamayabang ni Bayani Fernando ng MMDA (Metro Manila Development Authority) ay naging bangungot mismo sa kanya ng malasap ng Metro Manila ang bagyong Ondoy?

Ang kapitalismo ay sistema na nakabatay sa paglikha ng mga kalakal para ibenta sa pamilihan. Ang layuning mabenta ang kalakal ang nagtulak para sa kompetisyon, ang isa sa naturalesa ng kapitalistang sistema. Ang kompetisyon para mabenta at magkamal ng tubo ang siyang dahilan kung bakit:

1. *“The production of commodities cannot be planned in space and time because of competition between capitalists; it therefore follows an irrational logic, according to which each capitalist tends to enlarge his own production in order to sell at a lower price and realise his profit, which leads to an excess of unsold commodities. It is moreover precisely this necessity to outdo the competition and lower prices which leads the producers to lower the quality of manufactured products, which drastically reduces their lifetime and rapidly reduces them to items of waste*
2. *An aberrant production of wrapping and packaging, often made of toxic and non-degradable substances is accumulating in the environment. These wrappings, which often have no other function than to make the commodity more attractive to potential buyers, make up an increasingly large part, at the level of volume and weight, of the content of the commodity being sold. It has been estimated today that at least half of any rubbish bag in any city is filled with the remains of wrapping.*
3. *The production of waste is accentuated by the new lifestyles inherent in modern life. Eating out, in a self-service restaurant, on plastic plates and drinking from plastic bottles, has now become a daily habit for hundreds of millions of people throughout the world. Similarly, using plastic bags to put the shopping in is a convenience that hardly anyone does without. All this does not suit the environment of course, but it does suit the owners of the self-service who save on the labour-power needed to wash cutlery and crockery that is not made to be thrown away. The supermarket owner or even the local shopkeeper benefit from the fact that a customer can buy what he wants, even if he hadn't planned to buy it, knowing that he can put everything into free plastic bag. All this results in a considerable increase in the production*



Sinisira ng kapitalismo ang mundo!

of waste all over the world, nearing a kilo per day per citizen, or millions of tons of waste every day!”⁴

Ang gabundok na basura sa Payatas, Rizal at iba pang bahagi ng Pilipinas, ang mga aksidente at sakit na naranasan ng mga mahihirap na nabubuhay sa basura ay hindi lang nangyari sa mga atrasadong bansa gaya ng Pilipinas. Nangyari din ito sa abanteng mga bansa gaya ng Italy.

At hindi lang yan, ang malalakas na mga bansa ay pinagsamantalahan ang mahihinang mga bansa, o kaya ang mahihinang probinsya/rehiyon ng malalakas na probinsya/rehiyon ng isang bansa, sa usapin ng pagtapon ng basura.

Sa isang ulat ng dalawang grupong “maka-kalikasan” sa Amerika, ang Basel Action Network at Silicon Valley Toxics, sinasabi nito na 50 hanggang 80% ng basura mula sa elektroniks sa kanlurang mga estado ng Amerika ay tone-toneladang dinadala ng mga barko tungo sa Asya, laluna sa India at China. Hindi rin nalalayo sa ganitong layunin ang JPEPA ng Japan at Pilipinas kung saan marami ang nangangambang kabilang sa napagkasunduan ay gawing tapunan ng basura ng Japan ang Pilipinas.

Noong Mayo 2008, humihingi ng bayad-pinsala ang Panafrican Parliament sa Kanlurang mga bansa dahil sa pinsalang dinulot ng greenhouse effect at pagtapon ng basura sa kontinente ng Aprika.

Sa lokal na antas naman, ganun din ang ginawa ng abanteng mga lugar sa atasadong mga lugar, gaya ng Payatas at Rizal.

Maliban sa korupsiyon mismo ng bukrasya ng estado sa Pilipinas, ang pangunahing dahilan kung bakit tone-toneladang basura ang bumabara sa mga ilog, na siyang isa sa pangunahing dahilan ng baha, ay ang krisis mismo ng sobrang produksyon ng kapitalistang sistema, na walang ibang kakambal na resulta kundi ang krisis sa basura.

Gaano man ka “tino” ang estado sa usapin ng pangangasiwa sa basura, ang pundamental na problema ay ang mismong sistema na ipinagtatanggol nito ang dahilan ng krisis sa basura at kontaminasyon ng populasyon at paligid dito.

Pinakita lamang ng bagyong Ondoy ang kabulukan at pagiging inutil ng anumang paksyon ng naghaharing uri sa usapin ng pagkontrol at pangangasiwa sa basura laluna sa Metro Manila.

Walang epektibong waste management ang mangyayari sa ilalim ng isang sistema na siyang dahilan ng krisis ng basura.

⁴Ibid.

Ang pandaigdigang krisis sa basura at ang pagiging inutil ng internasyunal na burgesya na kontrolin ito ay makikita natin sa isang kahindik-hindik na ulat mula sa *La Republica online*, 29.10.07:

“Called the Trash Vortex, the island of rubbish in the Pacific Ocean, which has a diameter of nearly 25,000 km, a depth of 30 meters and which is composed 80% of plastic, the rest by other forms of waste arriving from all directions. It is as though there was a vast island in the middle of the Pacific, made up of rubbish instead of rock. In recent weeks, the density of this material has reached such a level that the total weight of this ‘island’ of trash has reached 3.5 million tons, as explained by Chris Parry of the Californian Coastal Commission in San Francisco (...) This incredible and little-known island began to form in the 1950s, following the existence of the north Pacific subtropical gyre, a slow oceanic current which moves clockwise and spirally under the effect of a system of high pressure currents (...) the greater part of the plastic arrives from the continents, around 80%; the rest comes from boats, private commercial or fishing craft. Around the world around 100 billion kilos of plastic are produced a year, roughly 10% of which ends up in the sea. 70% of this ends up at the bottom of the ocean, causing huge damage to sea life. The rest carries on floating. The major part of this plastic is not very biodegradable and end up fragmenting into tiny grains which end up in the stomachs of many sea animals, resulting in death. What remains takes hundreds of years to decompose, meanwhile causing all sorts of damage to sea life”.

Itong isla ng basura ay dalawang beses na mas malaki kaysa Amerika!

Pagkaubos ng likas na yaman

Ang kapitalismo ay mabubuhay lamang sa patuloy na paglikha ng mga kalakal na kailangang maibenta sa pamilihan. Dahil paghahanap ng mas malaking tubo at kompetisyon ang batas ng kanyang paggalaw, ilang daang beses na mas matindi ang pagnanais nito na sagarin sa pinakamabilis na paraan ang likas na yaman ng mundo, “sa ayaw at sa gusto” ng indibidwal na kapitalista.

Isa sa mayor na dahilan kung bakit dumadalas at naging mas mapamukxa ang mga ulan at baha ay ang pagkakalbo ng kagubatan, hindi lang sa Pilipinas kundi sa maraming mga bansa. Ang kagubatan ng Amazon, ang binansagang huling baga ng kalikasan ng mundo ay mabilis na nasisira, kapwa kagagawan ng mga ganid na loggers at ng polusyong dulot ng mga industriyalisadong kapitalistang mga bansa.

Sa Pilipinas, noong 70s at 80s ay mabilis na nakalbo ang kagubatan dahil sa paglakas ng furniture at wood industry. Walang pakialam ang mga kapitalista sa mangyari sa kagubatan at ang maging epekto nito sa kalikasan. Tanging ang mahalaga lamang sa kanila ay magkamal ng malaking tubo habang malakas pa ang “demand”.

Laging sinisisi ng estado, naghaharing uri at ng mga environmentalist” ang “kapabayaang mismo” ng taumbayan – mahihirap na magsasaka dahil sa pagkakaingin. Ang tinatagao ng mga kaaway sa uri ay ang nagtulak sa mahihirap na masa tungo sa liblib na kabundukan upang magsaka dahil inaagaw ang lupa sa kapatagan ng mga kapitalista-haciendero.

Ang mabilisang pagkalbo ng kagubatan ay kagagawan ng “industriyalisasyon” sa kalungsuran kung saan isang malaki at mainam na negosyo ang kahoy. At ng makalbo na ang kagubatan, ang estado at mga kapitalistang siyang dahilan nito ay biglang naging maka-kalikasan at tagapagtanggol ng reforestation!

Dagdag pa dito ang walang pakundangang pagmimina ng malalaking kapitalista na walang pakialam sa risgo at banta ng buhay ng mga manggagawang minero. Mula Luzon hanggang Minadanao, ilang daang minero na ang namatay nitong nagdaang mga taon dahil sa kawalan ng proteksyon sa loob ng minahan at sa mga bagyo at baha.

Ang “kaunlaran” at “industriyalisasyon” sa ilalim ng kapitalismo ay pagkamatay ng milyun-milyong mamamayan at pagkasira ng bilyun-bilyong ari-arian:

“China has been hit by terrible floods in recent years, affecting 60 million people in central and southern China, resulting in at least 350 deaths and direct economic losses which have already reached 7.4 billion yuan; 200,000 houses destroyed or damaged; 528,000 hectares of agricultural land destroyed and 1.8 million submerged. At the same time, desertification is increasing rapidly, involving a fifth of the land area and provoking dust storms which reach as far as Japan (...) While central and southern China

is hit by floods, in the north the desert continues to advance, now covering a fifth of the land along the upper reaches of the Yellow River, on the high plateau of Qinghai-Tibet and part of Inner Mongolia and Gansu.

The population of China represents around 20% of the world population, but it only has around 7% of the cultivable land.

According to Wang Tao, a member of the Chinese Academy of Science in Lanzhou, the deserts of China have increased by 950 square km a year over the last decade. Each spring time, the sand storms hit

*Beijing and the whole of northern China and reach as far as South Korea and Japan”.*⁵

Ang katotohanan: mabilis na inuubos at sinisira ng ilang kapitalistang industriyalisadong mga bansa ang likas na yaman ng mundo. Sa usapin paggamit ng likas na yaman, imposible ng maging industriyalisado ang mga mahihirap na bansa gaya ng Pilipinas sa ilalim ng kasalukuyang bulok na kaayusan sa mundo:

“Although it’s not talked about to the same degree, an analogous problem to the one with combustible fuels is posed with other mineral resources, for example the ones used to extract metals, It is true that, in this case, metal is not destroyed by use as is the case with oil or methane gas, but the negligence of capitalist production ends up spreading huge quantities of wasted metal over the surface of the earth, which means that sooner or later the supply of metals will also be exhausted. The use, among other things, of certain alloys and multi-stratified metals makes the eventual recovery of the ‘pure’ material all the more difficult.

The breadth of the problem is revealed by estimates according to which in the space of a few decades, the following resources

⁵Ibid.

Ang katotohanan: mabilis na inuubos at sinisira ng ilang kapitalistang industriyalisadong mga bansa ang likas na yaman ng mundo. Sa usapin paggamit ng likas na yaman, imposible ng maging industriyalisado ang mga mahihirap na bansa gaya ng Pilipinas sa ilalim ng kasalukuyang bulok na kaayusan sa mundo.

will be exhausted: uranium, platinum, gold, silver, cobalt, lead, magnesium, mercury, molybdenum, nickel, tin, tungsten and zinc. These are materials which are practically indispensable for modern industry and their scarcity will weigh heavily in the near future. But there are other materials which are not inexhaustible: it has been calculated that there are still available (in the sense that it is economically feasible to extract them) 30 million tons of iron, 220 million tons of copper, 85 million tons of zinc. To have an idea of these quantities, you need to think that to take the poorest countries to the level of the advanced ones, they would need 30 billion tons of iron, 500 millions of copper, 300 of zinc: that is to say, far more than the planet Earth has to offer.”⁶

Kasalanan ba ng maralita ang baha?

Namayagpag ngayon sa propaganda ng mga estadong kapitalista, kabilang na ang Pilipinas, at katulong ang burges na media, na ginagawa ng gobyerno ang lahat ng makakaya para panatilihin malinis at mapangalagaan ang “inang kalikasan”. Nariyan ang “tree planting” campaigns, beach and sea cleaning campaigns na nilahukan pa ng mga personalidad at artista, at ang kung anu-anong mga batas para “pangalagaan” ang kalikasan.

At sa dulo ng mga propagandang ito, ay ang paninisi ng gobyerno sa mga mahihirap na matigas ang ulo at ayaw makinig sa payo ng una. Kaya ang resulta, marami sa kanila ang namatay at nalagay sa peligro ang buhay at ari-arian.

Kung sinisisi man ang estado, ito ay dahil sa maling pangangasiwa ng nagharing paksyon at korupsiyon; hindi daw “maka-kalikasan” ang nasa Malakanyang. Kaya naman nagsisikap ang mga “enviromentalists” na mahalal ang isang “maka-kalikasang” presidente at halos lahat ng mga politiko ay biglang naging “mapagmahal sa inang kalikasan”!

Masahol pa, ang mga mahihirap pa, na halos tulad na ng daga na nakatira sa mga eryang “iskwater” at tabing-ilog ang sinisisi ng estado kung bakit lumala ang baha at krisis sa basura. Nitong huli lang, libu-libong mahihirap na “iskwater” sa gili ng Manila de Bay ang namilegrong mapalayas dahil sa ang mga ito diumano ang dahilan ng pagtaas ng tubig ng huli.

Laging sinisi ng estado ang maralita kapantay sa ipokritong pag-sisi nito sa mga ganid na kapitalista. Kesyo daw nagkakaingin at illegal logging para mabuhay ang mahirap na magsasaka. Kesyo daw matigas ang ulo ng maralitang taga lungsod: ilang beses ng sinabihan na huwag tumira sa delikadong lugar gaya ng sa tabing ilog at gilid ng bundok. Ang mahihirap din ang sinisisi sa krisis sa basura at paglala ng dumi sa kapaligiran.

Saan galing at bakit dumarami ang maralita sa kanayunan at kalungsuran?

Noong 19 siglo kung saan progresibo pa ang kapitalismo, pinagya-bang nito na iaahon mula sa kahirapan ang masang magsasaka sa pamamagitan ng pagpapalaya nito sa pyudal na pagsasamantala; mula sa pagkaalipin sa lupa. Napalaya nga ang masa sa tanikala ng lupa pero ginapos naman sila sa sahurang pang-aalipin.

⁶Ibid.

Dudurugin ng kapitalismo ang uring magsasaka at peti-burgesyia. Ito ang kalikasan ng sistemang sahurang at kalakal. Kailangan ng sistemang ito ang lakas-paggawa at labis na halaga para sa akumulasyon ng kapital.

Subalit sa panahon na progresibo pa ito, nagawa nitong itransporma bilang manggagawa at ipasok sa mga pabrika ang malaking bahagi ng nadurog na magsasaka at peti-burgesyia. Matindi man ang pagsasamantala at pang-aapi sa kanila, naging mga manggagawa sila sa pabrika.

Nang pumasok na sa dekadenteng yugto ang pandaigdigang kapitalismo, o naging imperyalismo na ito sa pagpasok ng 20 siglo, ganap ng naging reaksyonaryo ang sistema at lahat ng paksyon ng burgesyia. Ganap ng hadlang sa pag-unlad ng produktibong pwersa ang kapitalistang mga relasyon ng produksyon, sa partikular, ang sistemang sahurang.

Sa panahon ng dekadenteng kapitalismo, palaki ng palaki ang bahagi ng mga nadurog na magsasaka at peti-burgesyia ang hindi na umabot sa pinal na yugto ng proletaryanisasyon. Karamihan sa mga nadurog ay di nakapasok sa mga pagawaan. Unang lebel lang ng pagkadurog ang naabot nito - pagiging dukha, naghihikahos, mahirap - at hindi sila naging manggagawa ng kapitalista.

Sa panahon ng dekadenteng kapitalismo, palaki ng palaki ang bahagi ng mga nadurog na magsasaka at peti-burgesyia ang hindi na umabot sa pinal na yugto ng proletaryanisasyon. Karamihan sa mga nadurog ay di nakapasok sa mga pagawaan. Unang lebel lang ng pagkadurog ang naabot nito - pagiging dukha, naghihikahos, mahirap - at hindi sila naging manggagawa ng kapitalista.

Ang mga taong ito ang tinaguriang mala-manggagawa at informal sector. Ang popular na tawag sa kanila ay maralitang taga lungsod at nayon - mga taong walang permanenteng hanapbuhay. Karamihan sa kanila ay lumayas sa kanayunan dahil sa matinding kahirapan at lumuwas sa kalungsuran para makipagsapalaran na maging manggagawa. Karamihan sa kanila ay tinaguriang mga iskwater

na nakatira sa mga lupang di kanila at sa mga lugar na peligrong tirhan ng tao.⁷

Ang kalidad ng kanilang mga bahay ay yari sa mumurahing materyales na madaling masira sa malakas na ulan, hangin at baha. Ganito ang uri ng kanilang tirahan dahil sa matinding kahirapan.

Sa Metro Manila lang, umabot na sa mahigit 500,000 pamilya

⁷Sa pandaigdigang saklaw, nakitaan ang paglitaw ng mga higitang syudad sa 20 siglo. Sa maagang bahagi ng siglong ito, mayroon lamang anim na syudad na mayroong mahigit isang milyong (1,000,000) populasyon; sa kalagitnaan ng siglo, mayroon lamang apat na syudad na may mahigit limang milyong (5,000,000) populasyon. Bago ang WW II, ang mga higitang syudad ay penomenon na makikita lamang sa industriyalisadong mga bansa. Ngayon, mayorya ng mga higitang syudad ay konsentrado na sa atrasadong mga bansa. Ang ilan sa kanila, ay sampung beses na lumaki ang populasyon sa nagdaang ilang dekada. Ngayon, kalahati ng pandaigdigang populasyon ay nakatira sa mga syudad: sa 2020, magiging 2/3 na ito. At karamihan sa mga pamilyang galing sa kanayunan ay nagsisiksikan sa masisikip na eryang “iskwater” at delikadong mga lugar na kulang na kulang ang panlipunang serbisyo at mahihina ang istruktura ng kanilang mga bahay. Ang mahigit 5,000 tao araw-araw na lumuwas sa mga syudad para makipagsapalaran ay walang malinaw na kapalaran maliban sa madagdag sila sa bilang ng mga dukha at naghihikahos sa mga higitang syudad na ito.

ang opisyal na naitala ng estado na nasa kategoryang iskwater⁸ (21% sa tinatayang 2.6 milyong pamilya sa Metro Manila) kung saan inamin mismo ng gobyerno na malaki pa ang kakulangan para sa murang pabahay at ligtas na lugar para sa reloksyon. Hindi pa kasama dito ang regular na hanapbuhay sa mga lugar na maaring paglipatan.⁹

Isang bahagi din ng mahihirap ay naging lumpen. Ang saring na ito ay produkto ng kabulukan ng sistema pero hindi ito kabilang ni alyado ng uring manggagawa. Ang saring na ito ang kadalasang ginagamit ng uring mapagsamantala laban sa uring manggagawa.

Iligtas ang mundo at tao, Ibagsak ang Kapitalismo!

Napakaraming mga dahilan kung bakit sa panahon ng dekadenteng kapitalismo ay lalong lumala at hindi na mapigilan ang pagkasira ng kalikasan at sa bandang huli...ang pagkasira ng mundo at sangkatauhan. Subalit masusuma ang mga ito sa dalawang ugat ng pagkasira ng kalikasan sa panahon kung saan naabot na ng tao ang abanteng teknolohiya at modernong syensya:

- Dibisyon ng paggawa, at higit pa, ang pangingibabaw ng pera at kapital sa produksyon, kung saan nahati ang sangkatauhan sa walang kataposang kompetisyon ng ibat-ibang grupo, yunit at uri;
- Dahil ang katotohanan na ang layunin ng produksyon ay hindi para sa pangangailangan ng tao kundi para ibenta ito bilang kalakal, at kailangang mabili ito, anuman ang bunga para sa tao at mundo, para magkamal ng tubo.

Ang mga ito ang puno't dulo ng lahat. Walang indibidwal na kapitalista, gaano man ka"buti" ang kanyang intensyon ang makawala sa mga mapagsamantala at mapanirang batas ng kapitalismo. Sabi nga ni Marx sa *Capital* Volume 1, chapter 15, section 10: "Modern Industry and Agriculture":

"In agriculture as in manufacture, the transformation of production under the sway of capital, means, at the same time, the martyrdom of the producer; the instrument of labour becomes the means of enslaving, exploiting, and impoverishing the labourer; the social combination and organisation of labour-processes is turned into an organised mode of crushing out the workman's individual vitality, freedom, and independence. The dispersion of the rural labourers over larger areas breaks their power of resistance while concentration increases that of the town operatives. In modern agriculture, as in the urban industries, the increased productiveness and quantity of the labour set in motion are bought at the cost of laying waste and consuming by disease labour-power itself. Moreover, all progress in capitalistic agriculture is a progress in the art, not only of robbing the labourer, but of robbing the soil; all progress in increasing the fertility of the soil for a given time, is a progress towards ruining the lasting sources of that fertility. The more a country starts its development on the foundation of modern industry, like the United States, for example, the more rapid is this process of destruction. Capitalist production, therefore, develops technology, and the combining together of various processes into a social whole, only by sapping the original sources of all wealth - the soil and the labourer."

Sa kapitalismo, kasabay at kakambal ng pagkamal ng tubo ang pagsira sa kapaligiran at pagsasamantala sa masang anakpawis.

⁸<http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/metro/view/20091018-230766/P32B-needed-to-house-500000-squatter-families>

⁹Ayon mismo sa Metro Manila Inter-Agency Committee on Informal Settlers (MMIAC), ang kailangang itayong mga bahay taon-taon ay dapat 14,922 pero ang kakayahan lamang ng gobyerno ay 7,767!

Palagi nating naririnig sa mga "green" activist organizations at sa Kaliwa na ang dahilan diumano ng pagkasira ng kalikasan ay ang pribadong korporasyong multinasyunal at ang kawalan ng epektibong kontrol ng estado laluna sa panahon ng "globalisasyon" (neo-liberalismo). Ang linyang ito ay pinasubalian na ng kasalukuyang krisis pinansyal kung saan nakikita ng lahat ang mala-bakal na kamay ng mga estado para isalba ang naghihingalong ekonomiya.

Pero totoo bang may kapasidad ang estado na kontrolin ang pagkasira ng kapaligiran at pangalagaan ito gaya ng lagging ginigiit ng mga organisasyon "greens" at ng Kaliwa?

Hindi. Ang kaya lamang ng estado ay kontrolin ang anarkiya pero hindi nito kayang pawiin ito. Bakit? Dahil ang pagkontrol at pagtatanggol ng bawat estado sa kani-kanilang pambansang interes ay daan tungo sa pagtindi ng kompetisyon ng bawat bansa sa kumikipot na pamilihan. Kompetisyon na siyang dahilan ng paglala ng anarkiya ng produksyon sa pandaigdigang saklaw at nagbunga ng ibayon paninira sa kaikasan.

Sa kasalukuyan, mabilis na nawawalan ng kapasidad ang estado na kontrolin ang anarkiyang dulot ng kapitalistang sistema.

Totoong maykapasidad ang abanteng teknolohiya at modernong syensya ngayon upang pangalagaan ang kalikasan, tao at ang mundo. Subalit habang ang mga ito ay nasa kontrol ng burgesya at para sa kapitalistang sistema, kabaliktaran ang gamit ng mga ito: para sirain ang tao at ang kapaligiran.

Ang tanging daan para maligtas ang tao at mundo mula sa pagkasira ng kapaligiran at mga digmaan ay ibagsak ang bulok na sistema sa pamamagitan ng internasyunal na rebolusyon ng masang manggagawa.

Sa lipunang komunismo lamang tunay na magamit ang teknolohiya at syensya para sa kapakanan ng tao, mundo at kapaligiran. Sa antas ng krisis ng kapitalismo at kabulukan ng estado ngayon, mas lalong lumalaki ang pangangailangan na ipagtagumpay ang komunistang rebolusyon sa lalong madaling panahon. #

Maging mapanuri...huwag magpadala sa agos at uso...aralin ang tunay na kalagayan ng lipunan at ng mundo...

Basabin ang mga artikulo na nasa website ng Internasyunal na Komunistang Tunguhin:

www.internationalism.org

Naroon ang mga napapanahon at matalas na pagsusuri sa lipunan, kalikasan at syensya.

Mga Batayang Posisyon

Ipinagtatanggol ng **Internasyunal na Komunistang Tunguhin** ang sumusunod na mga posisyon:

* **Simula noong Unang Pandaigdigang Digmaan, ang kapitalismo ay isa nang dekadenteng panlipunang sistema.** Dalawang beses nitong tinulak ang sangkatauhan sa barbarong pag-inog ng krisis, pandaigdigang digmaan, rekonstruksyon at panibagong krisis. Noong 1980s, pumasok na ito sa dulong yugto ng kanyang pagbulosok pababa, ang yugto ng pagkaagnas at pagkalanta. Isa lamang ang alternatibang ihinahapag ng ganitong hindi mababagong istorikal na pagbulosok: sosyalismo o barbarismo, pandaigdigang komunistang rebolusyon o pagkasira ng sangkatauhan.

* Ang Komyun ng Paris sa 1871 ay unang pagsubok ng proletaryado na ilunsad ang ganitong rebolusyon, sa panahon na ang mga kondisyon para nito ay hindi pa hinog. Nang ang mga kondisyong ito ay iniluwal na dulot ng pagpasok ng kapitalismo sa dekadenteng yugto, ang rebolusyong Oktubre sa 1917 sa Rusya ay ang unang hakbang tungo sa tunay na pandaigdigang komunistang rebolusyon sa internasyunal na rebolusyonaryong alon na tumapos sa imperyalistang gera at nagpatuloy ng ilang taon pagkatapos niyon. Ang kabiguan ng rebolusyonaryong alon, partikular sa Alemanya sa 1919-23, ay nagkondena sa rebolusyon sa Rusya sa pagkabukod at sa mabilis na paghina. Ang Stalinismo ay hindi produkto ng rebolusyong Ruso, kundi ang kanyang sepulterero.

* Ang estatipikadong mga rehimen na lumitaw sa USSR, silangang Uropa, China, Cuba at iba pa at tinatawag na 'sosyalista' o 'komunista' ay mga partikular na brutal na porma ng unibersal na tendensya patungong kapitalismo ng estado, na siya mismong katangian ng panahon ng dekadenteng kapitalismo.

* Simula ng pagpasok sa ika-20 siglo, lahat ng mga digmaan ay imperyalistang digmaan, bahagi ng nakamamatay na tunggalian sa pagitan ng mga estado, malaki man at maliit, para manakop o panatilihin ang posisyon sa internasyunal na arena. Ang mga gerang ito ay walang naibigay sa sangkatauhan kundi kamatayan at kapinsalaan sa lumalaking saklaw. Matugunan lamang ito ng uring manggagawa sa pamamagitan ng kanyang internasyunal na pagkakaisa at sa pakikibaka laban sa lahat ng burgesya sa lahat ng mga bansa.

* Lahat ng mga makabayang ideolohiya - 'pambansang kalayaan', 'karapatan ng mga bansa sa sariling pagpapasya' at iba pa - anuman ang kanilang mga dahilan, etniko, istorikal o relihiyoso, ay tunay na lason para sa mga manggagawa. Sa paghikayat sa kanila na kumampi sa isa o kabilang paksyon ng burgesya, hinati nila ang mga manggagawa at aakayin sila sa pagmasaker sa isa't-isa para sa mga interes at digmaan ng mga nagsasamantala sa kanila.

* Sa dekadenteng kapitalismo, ang parlyamento at mga eleksyon ay walang iba kundi isang libangan. Anuman ang panawagan na lumahok sa parlyamentaryong sirko ay makadagdag lamang sa kasinungalingan na ang mga eleksyon ay tunay na pagpilian ng pinagsamantalahan. Ang 'Demokrasya', isang partikular na ipokritong porma ng dominasyon ng burgesya, ay walang kaibahan sa pinagugatan ng iba pang mga porma ng kapitalistang diktadura, tulad ng Stalinismo at pasismo.

* Lahat ng mga paksyon ng burgesya ay parehong reaksyonaryo. Lahat ng mga tinatawag na mga partido ng 'manggagawa', 'Sosyalista' at 'Komunista' (ngayon mga 'dating Komunista'), mga organisasyon ng kaliwa (Trotskyista, Maoista at mga dating Maoista, mga opisyal na anarkista) ay bumubuo sa kaliwa ng pampulitikang makinarya ng kapitalismo. Lahat ng mga taktika sa 'prente popular', 'anti-pasistang prente' at 'pakikipag-isang prente', na pinaghalo ang mga interes ng proletaryado yaong sa paksyon ng burgesya, ay nagsisilbi lamang na sakalin at sirain ang pakikibaka ng proletaryado.

* Sa dekadenteng kapitalismo, ang mga unyon kahit saan ay natransporma bilang organo ng kapitalistang kaayusan sa loob ng proletaryado. Ang iba't-ibang klase ng mga unyon, ito man ay pormasyon ng mga pinuno o ng mga ordinaryong mga manggagawa, ay nagsilbi lamang para disiplinahan ang uring manggagawa at sirain ang kanilang mga pakikibaka.

* Para isulong ang kanyang pakikibaka, dapat magkaisa ang mga manggagawa

sa pakikibaka, hawakan ang pagpapalawak at organisasyon nito sa pamamagitan ng mga independyenteng pangkalahatang asembliya at mga komitiba ng delegado na pinili at maaring tanggalin anumang oras ng mga asembliya nito.

* Ang terorismo ay hindi paraan ng pakikibaka ng uring manggagawa. Ang ekspresyon ng panlipunang istrata na walang istorikong kinabukasan at ng pakaagnas ng peti-burgesya, na kahit hindi direktang ekspresyon ng permanenteng digmaan sa pagitan ng mga kapitalistang estado, ang terorismo ay palaging nagsisilbing matabang lupa para sa manipulasyon ng burgesya. Ang paniniwala sa sekretong aksyon ng maliit na minorya ay lubusang salungat sa makauring dahas na nagmumula sa mulat at organisadong aksyong masa ng proletaryado.

* Ang uring manggagawa ang natatanging uri na makapaglunsad ng komunistang rebolusyon. Ang kanyang rebolusyonaryong pakikibaka ay hindi mapigilang umakay sa uring manggagawa tungo sa komprontasyon ng kapitalistang estado. Para madurog ang kapitalismo, dapat ibagsak ng uring manggagawa ang lahat na umiiral na estado at itayo ang diktadura ng proletaryado sa pandaigdigang saklaw: ang pandaigdigang kapangyarihan ng mga konseho ng manggagawa, na iniorganisa ang buong proletaryado.

* Ang komunistang transpormasyon ng lipunan sa pamamagitan ng mga konseho ng manggagawa ay hindi nangangahulugan ng 'self-management' o nasyunalisasyon ng ekonomiya. Ang komunismo ay nangangailangan ng mulat na abolisyon ng uring manggagawa sa mga kapitalistang panlipunang relasyon: sahurang paggawa, produksyon ng kalakal, pambansang hangganan. Nangangahulugan ito ng pagbubuo ng pandaigdigang komunidad kung saan ang lahat ng mga aktibidad ay para sa lubusang satsipaksyon ng pangangailangan ng sangkatauhan.

* Ang rebolusyonaryong pulitikal na organisasyon ay taliba ng uring manggagawa at aktibong salik sa pagpapalawak ng makauring kamulatan sa loob ng proletaryado. Ang papel nito ay hindi 'organisahin ang uring manggagawa' o kaya'y 'umagaw ng kapangyarihan' sa pangalan nito, kundi aktibong lumahok sa kilusan tungo sa pagkakaisa ng mga pakikibaka, tungo sa isang kondisyon kung saan ang mga manggagawa mismo ang may ultimong kapangyarihan sa pagtatakda sa kanyang sarili at para sa kanyang sarili, at kasabay nito ay maglatag ng rebolusyonaryong pampulitikang mga layunin sa pakikibaka ng proletaryado.

Ang aming mga gawain

Pulitikal at teoritikal na klaripikasyon sa mga layunin at paraan ng pakikibaka ng proletaryado, sa kanyang istorikong misyon at sa kanyang kagyat na kalagayan.

Mag-organisa ng interbensyon, nagkakaisa sa sentralisado sa internasyunal na saklaw, para makaambag sa proseso na tutungo sa rebolusyonaryong aksyon ng proletaryado.

Pag-oorganisa ng mga rebolusyonaryo sa layuning mabuo ang isang tunay na pandaigdigang partido komunista, na susi para maibagsak ng manggagawa ang kapitalismo at maitayo ang komunistang lipunan.

Ang aming pinanggalingan

Ang mga posisyon at pagkilos ng mga rebolusyonaryong organisasyon ay produkto ng mga nakaraang karanasan ng uring manggagawa at sa mga aral na nakuha ng kanyang mga pampulitikang organisasyon sa takbo ng kanyang kasaysayan. Kaya ang pinanggalingan ng IKT ay mula sa sunod-sunod na mga kontribusyon ng Liga Komunista nila Marx at Engels (1847-52), ang tatlong Internasyunal (ang Internasyunal na Asosasyon ng Manggagawa, 1864-72, ang Sosyalistang Internasyunal, 1889-1914, ang Komunistang Internasyunal, 1919-28), ang mga kaliwang praksyon na humiwalay mula sa nanghihinang Ikatlong Internasyunal sa mga taon ng 1920-30, sa partikular sa mga Kaliwang Aleman, Dutch at Italyano.

Bukas sa mga mambabasa ang mga artikulo dito sa kanilang mga puna, komentaryo at tanong. Bukas din ang mga pahina ng **Internasyonalismo** sa mga opinyon o artikulo ng mga mambabasa basta ito ay sa diwang praternal at para sa teoretikal na klaripikasyon at pagsusulong ng tunay na panlipunang pagbabago. Sumulat lamang sa philippines@internationalism.org

Pagtulungan nating mga komunista at rebolusyonaryo sa Pilipinas na paunlarin ang **Internasyonalismo** para sa internasyonal na komunistang rebolusyon. Bisitahin ang aming website: tl.internationalism.org